

**KAPOOKAN NG PAGLALAKBAY NG MGA PILIPINO
SA IBAYONG DAGAT SA KONTEKSTO NG
BANWA AT LAYAG SA WIKANG FILIPINO ***

Axle Christien Tugano

Introduksiyon

Sentro ng kabuoang aklat na ito ang paglalakbay –partikular na ang paglalakbay ng mga Pilipino gamit ang pananaw at wikang F/Pilipino. Sa ilang pagkakataon, isa ang paglalakbay sa hindi gaanong nabibigyan ng pansin sa pag-aaral ng lipunan, sa kabila ng pinagyayaman na itong matagal sa Kanluran at marahil isa nang ganap na diskurso. Mababakas ito sa kanilang pagpapakahulugan sa mga taong naglalakbay. Halimbawa nito ang mga Pranses na voyageur at Anglo-Amerikanong katumbas sa paglalakbay bilang trip, travel, at voyage (Almario 2010, 1274-1275, 1325) at sa napakaraming kasingkahulugan gaya ng adventurer, commuter, migrant, passenger, pilgrim, sailor, tourist, drifter, excursionist, globe-trotter, itinerant, voyager, navigator, nomad, sightseer, tripper, vagabond, wanderer, expeditionist, jetsetter, at iba pa (Thesaurus 2022). Sa Pilipinas, madalas pa ngang gamitin ang mga Espanyol-Filipino na mga salita katulad ng biyahe (viaje); ekspedisyon (expedicion); nabegasyon (navigacion); at embarkasyon (embarcacion) (Almario 2010, 181, 322, 328, 806) –sa kabila ng mayaman ang mga Pilipino sa konseptong ito.

Para sa mga Pilipino, ang anomang pag-alis mula sa Pilipinas, pagtungo sa ibang bansa, at sa loob mismo ng bansa ay malinaw na isang malawak na proseso ng paglalakbay. Sa batayang depinisyon nito, ang “lakbay” ay isang pagtungo sa malalayong pook (Almario 2010, 664). Maihahambing din ang paglalakbay sa konsepto ng lokomosyon o isang natatanging mosyon at lakas nito mula sa isang pook patungong iba (Almario 2010, 714). Sa iba pang etnolinggwistikong wika, naging maha-

laga ang panunumbas sa paglalakbay. Halimbawa, ang kahulugang Hili-gaynon sa paglalakbay, liban sa “pagpanakayon” ay mababakas din ito bilang “pagpangayaw” o “paglugayaw” na naging marka sa mahabang kasaysayan ng Kabisayaan –ang pangangayaw (tingnan ang kahulugan sa Villan 2021a, 31-32). Malalim din ang pagdalumat ng mga Ilokano sa paglalakbay. Mayroon silang konsepto ng panagpapasyar, panagaawel (Pawilen 2022) at panagbanyaga (panag = panahon ng... at banyaga = ibang tao/turista) bilang katumbas ng paglalakbay (Almario 2010, 908). Isang ekspresiyon ang panlaping panag- (katumbas ng tag- sa mga Tagalog = tag-ulan, taggutom) dahil tumutukoy ito sa panahon (o maaaring isang pang-abay na pamanahon). Halimbawa, ang panagmumula = panahon ng pagtatanim; panagtatalon = panahon ng pagsasaka; panagkaikaisa = panahon ng kaisahan; panagsasarita = pagkakaroon ng usapan (Damilig 2020) o panagbenga = panahon ng pamumulaklak. Kaya’t ang “panagbanyaga” ay maaari ring mabigyan ng kahulugan bilang “panahon ng pagbaban-yaga” o “panahon ng pagiging banyaga.”

Gayunpaman, kahit sala-salabat ang mga terminolohiyang maaaring ikawing sa paglalakbay, may nabubuo pa ring mga alternatibong katawagan na madalas pa ngang ginagamit, o di kaya’y maririnig sa antas ng pagiging kolokyal o balbal. Minsan, tinatawag ang paglalakbay bilang “gala” o “paggagala” na kung tutuosin ay mas mababaw na konsepto ng paglalakbay dahil ang paggagala ay isang paglalakad nang walang layunin o kahihinatnan (Almario 2010, 380). Wala itong pinagkaiba sa iba pang deregatoryong panumbas dito katulad ng “lacuacha” o lakwatsa dahil isa itong pagtalikod sa responsibilidad sa pamamagitan ng pag-alis o paglisan (Santos 2006). Gayundin ang ipinahihiwatig ng “la mierda” o lamiyerda na kapwa tumutukoy sa walang kabuluhang pag-alis. Malinaw ito kung titingnan ang maling paggamit ng mga Pilipino sa salitang “la mierda” bilang konotasyon ng paglalakbay. Sa wikang Espanyol, ito ay nangangahulugang dumi, tae, o shit (tingnan, Quilis at Fresnillo 2008). Kaya’t ang panenermon ng isang magulang sa kaniyang anak na “naglaluacuacha ka na naman” o “naglalamiyerda ka na naman” ay nagpapakita lamang ng implikasyon na hindi makabuluhan ang ginagawa ng isang tao.

Samakatuwid, kailangang paalpasin sa ganitong konotasyon ang paglalakbay ng isang Pilipino. Gayunpaman, maraming mukha ang isang “Pilipinong paglalakbay,” depende kung sino ang tumitingin at nagsasagawa nito. Laganap marahil sa ating lipunan ang “lakbay-aral” o isang paglalabas-labas mula sa apat na sulok ng silid-aralan upang masiyasat sa aktuwal at malapitan ang mga bagay na noo’y sa aklat lamang nababasa

ng mga mag-aaral o di kaya'y naririnig lamang sa mga panayam o lektura ng mga guro (Maminta at Nuñez 2008, 149). Unang ginamit ang konsepto ng “lakbay-aral” noong 1983 bilang isang programang naglalayon para sa kabataang Pilipinong nasa ibayong dagat na magkaroon ng imersiyon sa Pilipinas nang sa gayo'y kanilang maiugat ang identidad ng mga Pilipino sa kabila ng kanilang pagpasok sa dayuhang kultura sa mahabang panahon (CFO, w.tn.). Maihalalintulad din ito sa homeland tourism, ethnic pilgrimage, at diaspora tourism (tingnan, Garrido 2011). Samantala, para sa iba, ang paglalakbay ay isang “pag-alis sa bayan” upang mangalap ng kaginhawaan sa ibayong dagat –gaya ng mga migranteng manggagawa; ang paglalakbay ay sapilitang “pag-alis sa bayan” gaya ng mga eksilo, deportado (na bagaman eksilo sa loob ng bansa sa panahon ng mga Espanyol, iba na ang kahulugan nito ngayon), refugee, asylum seeker, o di kaya'y paglalakbay ng mga Pilipinong hindi na bumalik sa Pilipinas at pinili na lamang tumira sa ibayong dagat katulad ng kaso ng mga expatriate (expat). May mga naglalakbay bilang mag-aaral, mananaliksik, at pagkakawanggawa. Gayundin, ang paglalakbay bilang mga ordinaryong turista, bakasyonista, at nais lamang umalis para maglibang. Para naman sa mga superstisyoso, marahil mas nahilig pa sila sa “time travel.” Samakatuwid, maraming mukha ang Pilipinong paglalakbay –na kailangang pahalagahan at tipunin nang sa gayo'y alpasan ang naging tingin sa atin ng mga dayuhan sa mga nagdaang siglo. Kaya't sa kabuoan ng aklat, layunin na hanapin ang paglalakbay ng mga Pilipino sa mga sumusunod na gabay:

1. dahilan ng paglalakbay –Bakit sila naglalakbay? Paano nila isinasagawa at tinitingnan ang paglalakbay?
2. destinasyon ng paglalakbay –Saan kadalasang naglalakbay ang mga Pilipino? Bakit nila piniling doon pumunta?
3. danas bilang manlalakbay –Anong mga bagay ang matutuhan natin mula sa kanilang nakita at naranasan? Ano ang kadalasan nilang itinatampok sa kanilang mga gunita? Naging makabuluhan kaya ito para sa kanila?
4. punto-de-vista bilang Pilipino –Sa panahon ng kanilang paglalakbay, paano nila nakita ang Pilipinas mula sa labas nito? Ano ang kanilang naobserbahan sa ikasusulong ng kaalaman ng mga Pilipinong nasa Pilipinas?
5. pagbabalik sa Pilipinas – Sino ang mga bumalik sa Pilipinas? Sino ang nanatili na roon? Bakit nila piniling bumalik at

manatili? May nagbago ba sa kanilang pananaw matapos ng isang paglalakbay?

Bilang editor ng *Banwa at Layag*, uugatin ang Pilipinong paglalakbay sa agos ng ating kasaysayan at kalinangan –na hinati sa iba’t ibang bahagi: ang paglalayag sa sinaunang panahon hanggang kolonyalismo, paglalayag sa panahon ng post-kolonyalismo, ang kasalukuyang pagtatala ng paglalakbay ng mga Pilipino, pagbawi ng “Pilipinong paglalakbay” mula sa banyagang kaisipan at pananaw; at pagdaragdag ng isang antolohiya ng mga kuwentong paglalakbay ng mga Pilipino sa ibayong dagat.

UNANG BAHAGI

Paglalayag sa Sinaunang Panahon hanggang Kolonyalismo

Higit na tampok sa kasaysayan ang sinaunang paglalakbay ng mga banyaga sa iba’t ibang bahagi ng daigdig. Halimbawa nito ang *The Travels of Ibn Battutah* (1355), isang kompilasyon ng paglalakbay ni Battutah (1325-1354) nang siya’y dalawampu’t isang taong gulang. Tinatayang nakarating siya sa apatnapung (40) mga bansa (modernong pagbatay), 75,000 milyang layo patungong Ilog Volga, Tsina, at nakarating hanggang sa Tanzania, Africa. Sa kaniyang paglalakbay, nagtatala siya ng kaniyang mga kuwento, obserbasyon, at karanasan sa iba’t ibang tao sa iba’t ibang bansa. Liban pa sa kaniya, ganito rin ang ginawa ng iba pang dakilang manlalakbay na sina Herodotus (454 BK) na mula sa Gresya at Hsuan Tsang o Xuanzang (627 BK). Implikasyon ito na ang paglalakbay sa sinaunang panahon ng daigdig ay isang matandang porma ng pagkatuto. Hanguan din ang paglalakbay ng mga karanasan na magiging kapakipakinabang para sa pagpapayaman ng sinaunang pagpapanday ng kaalaman. Litaw pa rin ang subhektibong pagtatala ng mga sinaunang pantas ng Europa at Asia Minor, sa kung paano nila inilarawan ang mga tao, kaganapan, at lugar na kanilang binisita at kinapamuhayan. Ang ganitong parametro ng pagtatala ng paglalakbay ay patuloy na namayani hanggang sa Panahon ng Eksplorasyon (1400-1600). Habang ang Kanluran ay nagnanasang mapasakanila ang yaman ng Silangan, kasabay ng kaliwa’t kanang pagpapadala ng mga ekspedisyong sa Asya at Pasipiko, tangan ng bawat plota ang mga kronikler na nakatokang isulat ang detalyadong tala ng paglalakbay –ano ang kanilang mga nakita at paano nila ito binigyan ng pansariling pagpapakahulugan. Sa kaso ng Pilipinas (tingnan ang Dayagramo 1), naging paksa ang mga Pilipino sa mga “talang paglalakbay”

ng mga Espanyol na kanilang pinalaganap sa anyo ng historia at ang mga imperyalismong Amerikano na gumamit ng mga kolonyal na travelogue upang ilarawan ang lipunang Pilipino (Goh 2007, sipi kay Navarro 2019a, 1) na para sa kanila ay bago at kakaiba. Ganito ang namayani hanggang sa panahon ng mga Amerikano, Hapones, at panakanakang pagdating ng mga dayuhang Europeo sa ating bansa. Sa halip, dapat simulan ang pagtatakda ng mga Pilipinong paglalakbay sa ating sinaunang pamayanan tulad ng unang pagtatangka ni Ocampo (2012) nang buoin ang *lakbay Pilipino*.

Paglalakbay sa Unang Pamayanan ng mga Austronesyano

Hindi na bago ang paglalakbay para sa mga Pilipino. Nalantad ang ating mga ninunong Austronesyano sa malayoang migrasyon sa kalawakan ng karagatan na nauuwi sa pangangalap ng kaginhawaan sa anyo ng pandarambong at pangangayaw. Ebidensiya rito ang mga bangkang ginamit ng mga mandaragat sa Timog Silangang Asya at Pasipiko, kabilang ang mga Pilipino. Kung tutuosin, ang mga bangkang panlayag na ito ay tuwirang nagdala sa pagbubuo ng mga banwa (Isorena 2010, 82). Mahihiram ang unang yugto ng ganitong paglalakbay sa balangkas ng kasaysayan ng Pilipinas ni Zeus Salazar (2000a). Noong humigit kumulang 7,000BK, ipinagpalagay na ito ang panahon ng pagkakapasok ng mga Austronesyano sa kapuluan ng Pilipinas mula sa Indonesia at lumaganap patungong Silangang Indonesia at Melanesia noong 4,500BK kaya't ito ang matatawag bilang "Pangalawang Duyan ng Austronesyano" (Salazar 2000a, 141-142). Samakatuwid, ang 200BK ang panandang panahon na maituturing bilang pagbabagong-anyo at pakikipag-ugnay ng mga Austronesyano (Salazar 2000a, 143).

Isa pang ebidensiya ng "paglalakbay" ng mga Austronesyano ay nasa anyo ng pagpapatapon, pagtitiwalag, o kusang tumitiwalag sa isang sosyo-politikal na likas pa rin sa mga Austronesyano. Sa isang artikulong isinulat ni Salazar, "Ang Eksilo sa Kasaysayan ng Pilipinas" (1999), kaniyang ipinaliwanag ang "eksilo" bagaman walang katumbas na konsepto sa atin dito, pinaniniwalaan niyang laganap na ang ganito mula pa sa sinaunang pamayanan hanggang sa magapi ng mga Espanyol ang kampo ni Raha Sulayman dahil sa pagkakasugpo sa Sabwatan ng Tondo noong 1588 (Salazar 1999, 13). Hinalimbawa niya ang pagkakasalalay ng pamayanang Austronesyano sa angkan (exogamous) at relasyon at ang bawat grupong pumapaloob sa banwa, ili, at ibang anyo na sakop ng datu o hari. Ang anomang paglabag sa kautosan ng bawat pamayanan ay mag-

dadala sa isang tao upang siya'y ipapatay o di kaya'y ipatapon. Itong mga "naipatapon" ay naglayag sa ibang pamayanan upang doo'y bumuo ng sariling banwa (Salazar 1999, 16-17). Ang ganitong malawakang paglalakbay at pakikipag-ugnay ay mababakas sa kung paano nakatagpo ng mga Austromelanesyano ang mga Austronesyano sa mga susunod na yugto – halimbawa, ang karahaan ng Butuan bilang isang estadong bayan na nagtatag ng ibang pamayanan sa Sulu hanggang Maguindanao at pakikipag-ugnay sa karahaan at sultanato ng Indo-Malaysia (Salazar 1999, 17). Kaya't ang ganitong pagpapalawig sa ugnayan dulot ng paglilipat, pagpapatapon, o paglalakbay ay magdadala sa ganap na pagbubuo ng mga estadong etniko na lagpas pa sa nabanggit na ugnayang Butuan at Sulu na aabot hanggang sa ugnayan ng Tondo-Maynila at Brunei –na lalong titibay hanggang sa 16 na dantaon (tingnan, Salazar 2010, 453). Samakatuwid, ang ganitong paglalakbay ng mga Austronesyano ay mas lalong magpapalaganap sa diwa ng banwa hanggang Indo-Malaysia, sa Karagatang Pasipiko hanggang sa umabot ng Hawai'i, Madagascar, at New Zealand. Kaya't ang kalawakan ng karagatang ito ay matatawag din namang "Karagatang Austronesyano" (kasama ang karagatang inaangkin ng Tsina sa kasalukuyan).

Sa patuloy na paglalakbay ng mga Austronesyano sa karagatan, nakaengkuwentro ng mga Portuges halimbawa ang mga Luções (Luzones) na ipinagpalagay ng huli na kabilang sa kamag-anakan ng mga Malayo sa Brunei (Reid 1995, 336). Noong nanahan ang mga Portuges sa sinaunang Malakka, inilarawan nila ang mga Luções bilang mangangalakal at mandirigmang matagal nang kilabot sa Indo-Malaysia. Ayon kay Scott, nakatagpo ng mga Portuges ang limang daang Luções, na karamihan ay mga negosyante o komisyoner sa kanlurang dalampasigan ng Tanah Melayu (Scott 1989, 138; Scott 1994, 193-194). Naging lagalag ang mga Luções sa Malakka upang kumuha ng produktong dadalhin pabalik sa Borneo at mag-angkat ng sandalwood sa Timor (Scott 1994, 194).

Ang ganitong malawakang ugnayan ng mga Austronesyano dulot ng kanilang paglalakbay ay isang tanda na hindi nalagi ang ating mga ninuno sa kanilang sariling pamayanan.

"Pagkawalay" sa Banwa

Sa harap ng dayuhang kapangyarihan, mga nangahas na maglakbay at magbigay ng obserbasyon sa Pilipinas, dulot ng kanilang mabilis, saglitan, o pangmatagalang pananatili sa Pilipinas ay nawalan at natangg-

alan ng pagkakataon ang mga Pilipino na itala ang kanilang paglalakbay. Ito ay aking maipapaliwanag sa susunod na bahagi –mula sa panahon ng sinaunang mangangalakal na dayuhan, sa pagpasok ng mga kolonisador (higit sa historia ng mga Espanyol), at sa mga “bisitang” Europeo na tangan din naman ang kaisipang kolonyal.

Ang tinuran kong “pagkawalay sa banwa” ay dulot ng pagpapawalay ng mga dayuhan sa sariling banwa ng mga Pilipino. Dahil ang totoo ay hindi naman nawala sa paglalakbay ang mga Pilipino. Ang paglalakbay ng mga Austronesyano hanggang sa paglago ng mga estadong etniko, makikitang nakapagtala tayo ng ating paglalakbay bagaman sa anyo ng mga epiko at iba pang uri ng panitikan. Halimbawa ang pagdaong sa Panay ng kadatuang mula sa Kalimantan, Borneo na bagaman ay hindi rin napapatunayan sa isang metodolohiyang pangkasaysayan ay isang larawan ng “paglalakbay” ng mga angkan sa ibang angkan, banwa, o ili dahil sa panloob na sigalot mula sa kanilang pinanggalingan (i.e. ang pagmamalupit ng datung taga-Borneo) (Salazar 1999, 17). Gayundin ang pagtatala ng buhay hinggil sa pakikibaka ng mga bayani ay larawan ng pinakamatandang anyo ng kasaysayan (Elumbre 2014, 9). Sa pamamagitan ng mga sinaunang intelektuwal at babaylan, naging substantibo ang paglalakbay (sa anyo halimbawa ng pangangayaw) ng mga pinagpipitang bayani na sumusuong sa digmaan sa loob at higit sa lahat, sa labas ng kapuluan (ibayong dagat) upang kumuha ng ginhawa na kanilang ibabalik mula sa pinagmulang banwa o di kaya’y sa panibagong banwang kanilang bubuoin. Samakatuwid, nakapaglakbay rin maging ang ating mga bayani sa iba’t ibang epiko (Eugenio 2001, xxx-xxxi). Hindi lamang sa karagatan ngunit maging sa kaibabawan at kailaliman ng mundo, sa kanilang santinakpan, at marami pang iba. Nariyang makikita ang paglalakbay at pakikibaka nina Lam-ang, Labaw Donggon, bayani ng mga Gaddang na si Lumalindaw, Kudaman ng Palawan, Tulalang ng mga Manobo Ilyanen, at iba pa. Kaya’t papaanong walang kaalaman at/o walang paglalakbay sa buhay ng mga Pilipino?

Gayundin naman sa totoong buhay ng mga sinaunang Pilipino. Mauulinigan halimbawa sa kataohan ni Enrique de Malacca na itinuring ng mga Espanyol bilang “unang Pilipinong nakapaglakbay” sapagkat siya ang naging tagapagsalin ni Ferdinand Magellan sa panahon ng kanilang paglalayag (Armada de Malucco Expedicion) at nakabalik lamang sa Pilipinas mula Europa (1521-1522) (Schreurs 2000, 91-92). Sa nilagdaang testamento ni Magellan noong 1519, binigyan niya ng paglalarawan ang “aliping” si Enrique bilang isang katutubong mula sa Malakka na dalawa-

mpu't anim na taong gulang, may maitim na balat, at nadakip na alipin. Pinaniniwalaang nadakip o nabili ni Magellan si Enrique at kalauna'y makakarating pa ang huli sa Lisbon (Gerona 2021, 149-150). Iba-iba man ang tala kung si Enrique ba ay isang Pilipino o Bisaya, ngunit para kay Salazar, ang juru bahasa (ekspertong tagapagsalin) na si Enrique ay isang malayophone mula man sa Malakka o Silangang Indonesia na napasama sa isang paglalakbay (Salazar 1999, 21).

Isa pang halimbawa ng paglalakbay bagaman nasa anyo ng pagpapatapon sa labas ng banwa (mula Pilipinas) o di kaya'y pagpapatapon sa loob ng banwa ay dulot ng pagbabagong saray na ipinakilala ng mga Espanyol dahil sa reducciones o pagmamarka ng kung sino ang "taong labas" at sa "taong loob" kasabay ng samo't saring pagbabansag sa mga Pilipino bilang remontados, tulisanes, vagamundos, salvajes, at iba pa (tingnan, Gealogo 1994). Nang magapi ang Sabwatan ng Tondo noong 1588, dulot ng pagtratraydor ng datu ng Calamianes na si Antonio Surabaya, marami sa mga datung lumahok sa sabwatan ay hinuli, ipinapatay, at ipinatapon halimbawa sa Mexico. Kabilang dito si Pitong Gatang, datu ng Tondo na ipinatapon doon ng dalawang taon at si Pedro Balingit ng Pandakan na ipinatapon din sa Mexico matapos na pagbayarin ng anim na tael ng gintong orejeras (Kimuell-Gabriel 2010, 160-161). Itong "eksilo" at paglalakbay nina Pitong Gatang at Balingit sa Mexico ay lagpas pa doon sa 250-taong Kalakalang Galyon (1565-1815) na nagtampok sa kapakinabangan ng mga dayuhan sa mga kolonyang ito. Ang kalakalang ito ay namagitan sa Mexico at Pilipinas at naging responsable kung bakit nakarating doon ang sumunod na henerasyon ng mga Pilipino. Naging isang oportunidad para sa kanila ang pagdaong sa Acapulco upang matakasan ang pagmamalupit sa loob ng galyon, kalauna'y makabubuo tayo roon ng isang pamayanang Pilipino (Legarda 1999; Guevarra 2011, 393, 399). Ang kasong ito sa Mexico ay maihalalintulad din sa Guam o Marianas (Navarro 1999) at Australia. Nakarating naman ang mga Pilipino sa Australia (tingnan, Wall at Choo 2016) partikular sa Northern Territory noong 1874 bilang maninisid ng perlas ngunit tinatawag pa rin doon bilang mga "Manilamen" dahil tampok noon ang Maynila bilang sentro ng kalakalan (Tugano 2020a, 124). Ilan lamang sina Enrique na ipinagpalagay ng mga dayuhan bilang "alipin," Pitong Gatang at Balingit bilang mga "ipinatapon," ang mga tumakas patungong Guam, Mexico, at Australia sa mga Pilipinong nagpatunay na hindi bago sa atin ang maglakbay. Higit pa rito, gaya sila ng mga ninunong Austronesyano na gumawa ng sariling banwa sa ibayong dagat –lilitaw sa hinaharap ang konsentrasyon

ng mga Pilipino sa kasalukuyang Mexico, Guam, Australia, at iba pa. Gayunpaman, higit na nakilala ang mga dayuhang nagtala tungkol sa kanila. Nakilala natin ang mga Pilipinong ito hindi dahil sa kanilang “sariling pagtatala” ngunit sa “pagtatala ng iba.” Matagal na naisantabi ang paglalakbay ng mga Pilipino na umaayon sana sa kanilang layunin at pagkakakilanlan, kaya’t panahon na upang hanapin at palawakin ito –lalo na yaong tinawag kong “mga lilitaw na Pilipinong paglalakbay” sa iba’t ibang panahon ng kolonyalismo –na sa kasalukuyang katangian nito, ay mahirap hanapin at saliksikin. Iba pa siyempre rito ang mga makabagong isinasantabi at naisasantabi sa katauhan naman ng mga OFW na kapwa bumuo rin ng sarili at panibagong banwa sa ibayong dagat. Sila ang “makabagong mangangayaw” na katulad ng mga Austronesyano ay nanguha ng kaginhawahan sa ibang bayan upang sa kanilang pagbabalik-banwa, makita nila ang kaalwahan sa buhay na iniwan sa Pilipinas (Tugano 2021a, 50-51). Bagaman, malinaw na ekonomikong dahilan ang kanilang pag-alis sa sariling bayan, nananatiling limitado pa rin ang tinig at karanasan sa pangangayaw ng mga migrante –dahil bukod ang karamihan sa kanila ay hindi naman talaga nagsusulat ng sariling buhay; ang mga edukadong nagpakadalubhasa sa usapin ng migrasyon ay pawang nagsulat sa wikang Ingles. Kinakausap ng ilang iskolar ang ating mga OFW sa wikang F/Pilipino upang makakuha ng mga naratibo ngunit pagkatapos nito’y ang kabuoan at kinalabasang pag-aaral ay pawang may layuning kausapin pa rin ang “labas.”

Ito rin ang suliranin sa Pilipinong paglalakbay –wala sa diwa, wika, at kaisipang para sa F/Pilipino na hindi pa rin namatay mula sa panahon ng mga sinaunang mangangalakal at manlalakbay na Tsino, mga kolonisador na Espanyol, Amerikano, Hapones, at iba pang Europeong nagtala tungkol sa kanilang paglalakbay sa Pilipinas.

Panahon ng mga Sinaunang Mangangalakal at Manlalakbay

Sa pagpasok ng dantaon 13 hanggang 14, unang naglakbay sa Pilipinas ang mga sinaunang mangangalakal na Tsino. Una na rito si Chao Ju-Kua (Zhao Rugua), mula sa mayayamang angkan ng Dinastiyang Sung (960-1278) at komisyoner ng adwana sa Ts’ian-chou-fu, isang baybaying pamayanan sa hilagang Amoy, Fuhkien (Fukien) (Laufer 1908, 249). Sa kaniyang aklat na *Zhu Fan Zhi* o *Reports on the South Sea Barbarian* (1225), partikular na sa unang tomo, inilarawan dito ni Chao Ju-Kua ang kaniyang paglalakbay sa halos 58 na mga bansa at rehiyon –kabilang ang

Pilipinas na noo'y tinawag niyang "Mayi." Sumunod dito ay si Wang Ta-Yuan o Wang Dayuan (1311-1350), isang Tsinong manlalakbay na mula sa Hongzhou at sa panahon ng Dinastiyang Yuan. Katulad ni Chao Ju-Kua, sumulat din si Wang Ta-Yuan ng *Tao I Chih Lueh* o *Summary Notices of the Barbarians of the Isles* (1349), isang akdang lumitaw matapos ang kaniyang dalawampung taong paglalakbay sa karagatan (Scott 1984, 73). Naisulat nina Chao Ju-Kua at Wang Ta-Yuan sa kanilang mga paglalakbay ang detalyadong kasaysayan ng mga sinaunang Pilipinong kanilang nasaksihan na noo'y naninirahan sa mga baybaying dagat. Kalakip ng mga talang ito ang samo't saring gawain at ugnayang ekonomiko ng mga Pilipino sa ibang bansa (Casal et al. 1998, 207). Gayunpaman sa kanilang paglalakbay, kapwa nila tinawag ang pamayanang Pilipino bilang "South Sea Barbarian" at "Barbarians of the Isles."

Sa pagitan ng mga siglong nabanggit, posibleng indirektang nailarawan ang Pilipinas sa iba't ibang akdang pangmanlalakbay nina Marco Polo (1254-1324) ng Venice na *Book of the Marvels of the World and Il Milione* (circa 1300); ng Fransiskano-Italyanong misyonero-manlalakbay na si Odoric Mattiusi ng Perdenone noong 1318; at Ibn Battutah (1355) ng Tangiers. Ito ay sang-ayon kay Scott dahil ang tatlong manlalakbay ay naglayag mula India at Tsina habang pinagkakalitoan ang mga maliliit na isla sa Karagatang Pasipiko. Ayon sa kanilang tala, nakakita sila ng mga "hindi natutukoy" na isla sa pagitan ng Saigon at New Guinea, na posible aniya'y ang Pilipinas (Scott 1984, 81-83). Gayundin ang apotekaryo o medikong mula Lisbon, Portugal na si Tome Pires (1465-1524) ay naglayag sa Malakka. Sa kaniyang *Summa Oriental* (1512-1515), nakapagbigay siya ng ilang paglalarawan tungkol sa Pilipinas lalo na sa mga nakilala niyang mangangalakal na mula sa Luzon kaya't tinawag niya itong mga Luções (Scott 1984, 83-84).

Panahon at Paglalakbay ayon sa mga Kronikang Espanyol

Isinakonteksto noon ng mga Espanyol, sa kanilang dantaonang kolonyalismo sa Pilipinas ang positibistang pagsusulat ng kasaysayan bilang isang agham na kinakailangang sumunod sa pormularyo at panuntunan. Nawalan ng pagkakataon ang mga katutubong Pilipino na sumulat ng kaniyang tala, na noo'y malaya niyang nagagawa sa mga epiko o ibang anyo ng panitikan. Kaya't ipinasundayag ng mga Espanyol ang kanilang historia at cronica na kung tutuosin ay tumataliwas sa pagkaunawa ng mga Pilipino at sinaunang lipunan. Ang ganitong kalakaran ay malaong

nabakas din maging sa mga akdang idinulot ng kanilang paglalakbay –na nasa anyo ng pagmimisyon, pag-oobserba, at pagbisita sa mga lugar na para sa mga Espanyol ay mga “hindi sibilizado o hindi binyagan.” Nades-tino ang mga Espanyol sa Pilipinas upang magtala ng kanilang paglalakbay –partikular na ang mga “state-sponsored” na uri ng paglala-kbay (Tugano 2021b, 358-359). Layunin nilang magtala o magdokumento nang sa gayo’y sa oras ng kanilang pagbabalik sa Iberia, makatitiyak sila kung ano ang kanilang “napagtagumpayan” at mga bagay na “kailangan pang paibayohin.” Karamihan sa mga naglakbay na ito ay pawang mga prayle, misyonero, huwes, abogado, historyador, at mayroon pa ngang mga siyentista katulad ng doktor, botanista, siruhano, at iba pa. Sangka-terba ang babasahing maaaring makita hinggil sa paglalakbay ng mga Espanyol sa Pilipinas. Tingnan bilang halimawa ang mga talang nakapa-loob sa *The Philippine Islands* (1903-1909) –kalipunan ng mga dokumen-tong Espanyol na isinalin sa wikang Ingles nina Emma Helen Blair at James Alexander Robertson.

Tampok sa mga ito ay si Miguel de Loarca, isang sundalong naglayag mula sa Arevalo (ngayo’y sakop ng lalawigang Avila) patungong Pilipinas. Sinulat niya ang akdang *Relation of the Filipinas Islands* (1582) na naglalaman ng labing-isang kabanata hinggil sa kaniyang obserbasyon sa Cebu, Panay, Lucon (Luzon), Camarines at Vicor (Bikol), Ylocos (Ilocos), at sa tinawag niyang “Isla ng mga Pintado.” Sumunod dito ay si Fray Juan de Plasencia o Juan Portocarrero mula Extremadura (rehiyon kung nasaan ang kasalukuyang Badajoz at Caceres), isang Fransiskanong prayleng dumating sa Pilipinas noong 1578 upang magsagawa ng mga misyon sa katimogang bahagi. Isinulat niya ang *Customs of the Tagalog* (1589) na naglalaman ng iba’t ibang kaugalian ng mga Pilipino sa pama-mahala, katayuang panlipunan, pag-aasawa, paglilibing, at mga kaugnay.

Ilan pa sa halimbawa ay si Fray Pedro Chirino, Heswitantang prayle at historyador na mula naman sa Andalusia at dumating sa Pilipinas noong 1591. Tanyag ang kaniyang isinulat na *Relation of the Filipinas Islands* (1604) na sinasabing naging “bestseller” na aklat sa Roma (Arcilla 1996, 382). Bumalik siya sa Espanya noong 1602 upang ilimbag ang kaniyang obserbasyon tungkol sa mga Pilipino, kabilang ang sistema ng sinaunang pagsulat. Hindi rin nagpahuli si Antonio de Morga, isang sundalo na nakapaglakbay sa Peru, Mexico, at Pilipinas at sumulat ng *Sucesos de las Islas Filipinas* (1609) at kalauna’y bibigyang anotasyon ni Jose Rizal noong 1890. Katulad ng kay Chirino, itinuring na dakila ang akda ni Morga sa Espanya dahil ito raw ay nagbigay ng detalyadong

kaalaman tungkol sa mga katutubo –batay sa kaniyang pananaliksik, karanasan, at obserbasyon sa Pilipinas.

Kilala rin si Juan de Grijalva, conquistador na mula sa Segovia at nagsagawa ng paglalakbay sa Cuba, Mexico, at Hispaniola. Ang kaniyang *Cronica de la Orden de N.P.S Agustin en las provincias de Nueva España* (1624) ay maituturing bilang pinakalaganap at komprehensibong tala hinggil sa pagmimisyon ng mga Agustino sa Pilipinas na noo’y nasa hurisdiksiyon ng Mexico (Phelan 1955, 6, n. 11). Isa pa ay si Fray Francisco Colin, Heswitang prayle at historyador na nakarating sa Pilipinas noong 1626. Ilan sa kaniyang mga pinuntahan ay ang Mindoro at Pampanga (Arcilla 1996, 381-382). Isinulat naman niya ang *Native Races and their Customs* (1663). Sumunod na nakarating sa Pilipinas si Fray Francisco Combes noong 1643 (Arcilla 1996, 380). Si Combes ay tubong Zaragoza at inilaan ang kaniyang buhay-manlalakbay at misyonero sa Mindanao at Kabisayaan bagaman naglalakbay din minsan sa Maynila. Tanyag sa kaniyang akda ay ang *The Natives of the Southern Islands* (1663). Para naman sa mga Rekoleta, nakapaglimbag ng akdang *Early Recollect Missions in the Philippines* (1624) si Andres de San Nicolas, kasama sina Luis de Jesus at Juan de la Concepcion. Mahalaga ring mabanggit ang akdang isinulat ng Heswitang historyador at tubong Valencia na si Fray Francisco Ignacio de Alcina na pinamagatang *History of the Bisayan Islands* (1668) na itinuon din ang paksa sa agrikultura, kalakalan, paghahabi, pagpapanday, at iba pang kabuhayan ng Kabisayaan.

Mapapansin ang aking pagturing sa mga mangangalakal na Tsino at misyonerong Espanyol bilang isang anyo ng paglalakbay. Ang ganitong periyodisasyon ay mahinahong pinuna noon ng historyador na si Dr. Kerby Alvarez ng Departamento ng Kasaysayan, U.P. Diliman. Nang siya’y aking inimitahan upang magbigay ng komentaryo hinggil sa aking lalabas na aklat noong 2020, ganito ang kaniyang naging puna:

Kapansin-pansin ang pagtatangka ng may-akda na hulmahan sa dalumat ng paglalakbay ang ilang kaganapang pangkasaysayan. Sa isang banda, mainam ito dahil ganito naman ang isinusulong na lapit ng maraming disiplina at subdisiplina sa agham panlipunan at humanidades –ang tingnan sa partikular na lenteng ideolohikal ang lipunan at mga bahagi nito. Ngunit sa kabilang banda, slippery slope rin ito dahil mistulang hinuhubog ang mga historikal na kaganapan na labas sa layon at kontekstong kinabilangan nito. Halimbawa, ang mga ekspedisyong Tsino sa mga karagatan sa Asya at mga mismong Espanyol patawid ng Pasipiko. Interpretasyon ang

ituring itong paglalakbay, ngunit sa kinabilangan nitong panahon, maaaring iba ito, at maaaring higit pa ito sa paglalakbay. Kailangang mas linawin ng may-akda ang kapansin-pansing paglalagak niya sa isang banga ng mga paglalakbay –kahit pa ito ay labas sa payak ngunit komplikadong pagbibigay ng kahulugan sa paglalakbay. Halimbawa, maaaring ang pangangandayuhan ay hindi o labas sa paglalakbay (Alvarez 2020, 379 sa manuskrito).

Malaking bagay ang punang ito upang magbigay ng pagkakataon o upang mabigyang linaw ang paghahanay sa mga ekspedisyong Tsino at misyong Espanyol bilang paglalakbay. Ang kanilang isinagawang pagtatala, pag-oobserba, at pagbibigay kahulugan sa mga bagay-bagay hinggil sa Pilipinas ay idinulot ng kanilang paglalalayag-misyon na siyang nalalapit sa masaklaw na kahulugan ng “paglalakbay.” Iyon nga lang, ang paglalakbay na iyon ay nakakawing pa rin sa kanilang pansariling interes para sa Pilipinas –at nasa wikang Espanyol. Sinang-ayonan din ni Navarro nang binuo niya ang konsepto ng lakbay-kabanwahan na ang mga kronikang Espanyol ay posible at/o nagmistulang pag-uulat ng kanilang paglalakbay at pananakop, kasabay ng paglaganap ng historya (Navarro 2019a, 1).

Isa pa, umiiral naman at/o mayaman na talaga ang pagsusulat ng paglalakbay sa Europa. Ang mga talang ito ay itinuring bilang meta-genre ng “travel literature” at “travel writing” na naglalaman ng epistemolohikal at praktika ng paglalakbay (Gruber 2022). Nagmistula itong mga travel guide o ars apodemica, isang kalipunan ng kaisipan at gabay sa kung papaano maglakbay at magsulat ng paglalakbay. Ang ars apodemica ay mahalagang uri ng literatura sa Europa sa kalagitnaan ng dantaon 16 at huling bahagi ng dantaon 18 –panahon din ito ng kaliwa’t kanang pagmimisyon, paglalakbay, at paggalugad ng mga Espanyol, sa kaso halimbawa ng Pilipinas. Kaya’t hindi malabong nasagap ng mga Espanyol ang ganitong uri ng literatura lalo pa’t ang karamihan sa kanila ay nagmula pa sa mga “dakilang” unibersidad ng Europa na nagsusulong nito. Sumabay pa rito ang pagpapakilala ng Alemang si Johannes Gutenberg ng imprenta sa buong Europa. Naging madali na tuloy ang sirkulasyon ng mga akdang pangmanlalakbay na isinulat ng mga Europeong naglayag sa iba’t ibang bahagi ng mundo (Gruber 2022). Isa pa, nagkaroon din ng malawakang pagsasalin sa mga akdang pangmanlalakbay sa iba’t ibang wika sa Europa –halimbawa ang akda ni Marco Polo na naisalin sa wikang Aleman (Gruber 2022). Hindi lingid sa ating kaalaman, ginimbal ng akdang ito ni Polo ang Kanluran hinggil sa “natuklasang” yaman ng “Silangan.” Maihalintulad ito sa ingay na ginawa ng akdang *Relacion* ni Chirino tungkol

sa Pilipinas. Bagaman hindi pa nakasisiguro kong naisalin ito sa ibang wikang Europeo, ang nagagarantiya lamang ay naging “bestseller” ang aklat na ito sa Roma at kung minsan, dinadagsa si Chirino ng mga taong nais magpakuwento sa kaniya tungkol sa Pilipinas –na sa ngalan lamang naririnig (Arcilla 1996, 382, 384). Kaya’t ipinagpalagay kong ang paglaganap ng “printing revolutionalized communication” (Gruber 2022) na naglabas ng mga akdang pangmanlalakbay ay isa sa naging daan kung bakit nagkainteres ang iba pang Europeo na maglakbay sa Pilipinas.

Panahon at Paglalakbay ng Iba Pang Europeo

Ayon kay Bartholome de Letona (1662), dinagsa ang Maynila ng iba’t ibang pangkat mula sa Europa gaya ng mga Pranses, Inglatera, Italia, Flandes, Alemanya, Dinamarca, Suecia, Polonia, Moscobia, Turko, Griyego, Moro, Persyano, Tartar, at maging ng mga Aprikano (Letona 1662, 205). Kaya’t hindi rin malabong may ilan sa kanila ay mula sa hanay ng mga manlalakbay. Nagmistulang bukas na kolonya ang Pilipinas para sa mga banyagang nais maglakbay sa “bagong tuklas” na bahagi ng mundo.

Una sa mga banyagang ito ay si Antonio Pigafetta. Noong naglakbay ang plota ni Magellan ay kasama si Pigafetta, isang Europeong mula sa Venezia, Italya. May kasanayan si Pigafetta sa geograpiya, kartograpiya, at astronomiya. Mabusisi niyang itinala ang anomang nakita at naobserbahan sa mga lugar at/o kapuluang kanilang narating. Mababasa ito sa kaniyang *First Voyage Around the World* (1521).

May mga Pranses din ang nakapaglakbay sa Pilipinas. Kabilang na rito ang astronomer na si Guillaume Joseph Le Gentil ng Coutances-Normandy na nakarating sa Pilipinas noong 1769 galing sa Madagascar. Ayon sa kaniyang *Voyage dans les mers de l’Inde* (1779-1781), inusig siya ng mga awtoridad na Espanyol dahil na upang kaagad na tumungo sa Pondicherry, India na noo’y kolonya ng Pransiya. Samantala, si Jean Francois Galaup de la Perouse na mula sa Albi ay nagsulat ng *The Voyage of La Perouse round the World in the Years 1785, 1786, 1787, and 1788* (1798) –tungkol ito sa kaniyang paglalayag sa Karagatang Pasipiko at Amerika. Noong 1787, mula sa Macau, dumaong ang plota ni de la Perouse sa Maynila bago baybayin ang karagatang magdadala sa kaniya sa Japan. Gayunpaman, limitado ang naging obserbasyon nina Le Gentil at de la Perouse tungkol sa Pilipinas. Kung gayon, si Jean Mallat ay isa sa mga Pranses na may komprehensibong naging paglalakbay sa Pilipinas. Isang mediko si Mallat na nakarating nang tatlong beses sa Pilipinas mula

noong 1838 at nakapaglathala ng akdang *The Philippine: History, Geography, Customs, Agriculture, Industry and Commerce of the Spanish Colonies in Oceania* (1846). Gayundin si Paul de La Gironiere ng Nantes na naglakbay at tumira sa Pilipinas mula noong 1820. Sa kaniyang tatlong akda – *Vingt Annees Aux Philippines: Souvenirs de Jala-Jala* (1853); *Aventures d'un Gentilhomme Breton aux iles Philippines* (1855); at *Journey to Majayjay* (1862), inilarawan ni Gironiere ang kaniyang paglalakbay at pamumuhay sa pagtatanim at pag-aalaga ng mga hayop sa Pilipinas. Naglakbay din sa Pilipinas ang antropologo at naturalistang si Joseph Montano na nagsulat ng *Voyage aux Philippines et en Malaisie* (1886) at si Antoine Alfred Marche, isang naturalista na nakarating sa Pilipinas, Marianas Islands, at Africa. Si Marche ang sumulat ng *Lucon et Palaouan: Six annees de voyages aux Philippines* (1887).

Liban sa mga Pranses (Bascara 1987), nakarating din sa Pilipinas ang isang Rusong manlalakbay na si Ivan Goncharov. Siya ay naglakbay sa Maynila nang sampung araw noong 1854 –na halos puro reklamo ang naitala. Katulad ng mainit na klima, ang mga nagtitindang tiangge sa tabi ng kalsada na itinuring niya bilang “basura,” mga insekto at butiking nakikita niya sa kaniyang hotel sa Binondo, at iba pa (Ocampo 2018).

Nakapaglakbay rin ang mga Ingles sa Pilipinas katulad ng meteorolohistang si Henry Piddington. Mababasa sa kaniyang *Remarks on the Philippine Islands, and on Their Capital, Manila* (1828) –ang paglinang niya sa konsepto ng cyclone bilang isang penomeno ng kala-ngitan na mala’oy magdadala sa kaunawaan ng mga bagyo at buhawi. Isinagawa niya ito habang naglalakbay sa Pilipinas na para sa kaniya’y “rehiyon ng mga bagyo.” Gayundin si Sir John Bowring, dating gobernador ng Hong Kong at nagsulat ng *Visit to the Philippine Islands* (1859). Naglakbay si Bowring sa Pilipinas sa panahon ni Gobernador-Heneral Fernando de Norzagaray. Itinampok niya rito ang kaniyang paglalakbay sa Intramuros, Katedral de Manila, at La Plaza de Manila na nagpaalala kay Bowring sa kagandahan ng London. Narating din ni Bowring ang Malate, Ermita, Sta. Ana, Tondo, at Mariquina (Quijano Manila 1952).

Samantala isa si Fedor Jagor sa mga Alemang nakapaglakbay sa Pilipinas. Isang etnolohista si Jagor at may akda ng *Travels in the Philippines* (1873). Nakapaglakbay siya sa Burma, India, Silangang Asya, Pasi-piko, Indonesia, at Pilipinas mula 1857 hanggang 1893. Personal siyang nakilala at naging kaibigan ni Rizal. Hindi gaya ni Bowring, hindi nagus-tohan ni Jagor ang Maynila nang kaniyang bisitahin noong 1859-1860 na aniya’y isang kolonyang pinagkaitan ng kaunlaran (Quijano Manila 1952).

Naging mahalaga rin ang naging pagsasalin ni Otto van den Muijzenberg (2016) na mababasa sa *Colonial Manila, 1909-1912: Three Dutch Travel Accouts* hinggil sa tatlong manlalakbay na Holandes sa Pilipinas. Una, ang *In The Philippines* ni Aletta Henriette Jacobs (1854-1929) tungkol sa kaniyang limang linggong paglalakbay sa Pilipinas (Jacobs 1912, 17-94). Isang suffrahista si Jacobs na naglakbay muna sa Silangan at Timog Aprika, Gitnang Silangan, Timog Asya at Netherlands Indies upang tingnan ang karapatan ng kababaihan –pagkatapos ay pumunta ng Pilipinas. Pangalawa, ang talaarawan ni Gerret Pieter Rouffaer (1860-1928) hinggil sa kaniyang apat na paglalakbay sa Maynila noong 1912 dulot ng interes sa pag-aaral ng kapaligiran (Rouffaer 1912, 96-201). Pangatlo, ang *The Philippines* (1909), hango sa aklat na *Azies Gespiegeld* ng etnolohistang si Pieter Nicolaas Muller (1859-1941). Inilarawan dito ni Muller ang kaniyang karanasan at obserbasyon sa pananatili sa Maynila mula Pebrero hanggang Marso 1909 (Muller 1909, 205-239). Ang maikling pananatili at paglalakbay nina Jacobs, Rouffaer, at Muller sa Pilipinas ay nagdala sa kanilang kamalayan hinggil sa kalagayan ng mga Pilipino –na binitawan ng mga Espanyol at sa panahon ng paglalakbay ng tatlong Holandes, ang Pilipinas ay kolonya na ng Estados Unidos.

Panahon at Paglalakbay ng mga Amerikano sa Pilipinas

Katulad ng mga Espanyol, pinag-aralan din ng mga Amerikano ang mga Pilipino sa iba't ibang paraan upang bigyang lehitimasyon ang kanilang “pagsibilisa” sa mga katutubong “hindi umunlad” sa kamay ng mga nagdaang mananakop. Hindi malilimutan halimbawa ang naging paglalakbay sa Pilipinas ni Dean Worcester sa utos ni William McKinley, sa kung paano niya inilarawan sa kaniyang tala ang mga Pilipino bilang mga barbaro na kailangang isibilisa. Isang zoolohistang ipinadala sa Pilipinas si Worcester upang mangalap at magsagawa ng dokumentasyon tungkol sa mga katutubo –gaya ng pagkuha sa mga larawan. Nagdala ito sa kaniyang rasismong pagklasipika sa mga katutubo batay sa kulay ng balat, sukat ng katawan, at antas ng pag-iisip (Grindstaff 1999, 250). Bunga ng nasabing paglalakbay ni Worcester ang pagkakalathala ng kaniyang *The Philippine Islands and their People* (1898) at *The Non-Christian Tribe of Northern Luzon* (1906) –kung saan sa huling akda ay ipinakita ang sariling paglalarawan at obserbasyon sa dalawampu't apat na etnolinggwistikong pangkat na tinawag niyang “tribo.” Ang Worcester Collection na ito ay sinabayan pa ng 1904 St. Louis Exposition kung saan

ipinakita ang aktuwal na hitsura at gawi ng mga katutubong Pilipino. Layunin ng mga Amerikano na ipakita ang larawan ng Pilipinas para sa mga kapwa Amerikanong hindi pa nakakarating dito. Malaki ang ginampanan dito ng mga travelogue at travel book sapagkat dito kinuha ang ilan sa mga larawan at pagkakakilanlan ng mga Pilipino (Jose 2021, 75). Samakatuwid, ang mga travel book na ito ay isa ring negosyong kolonyal. Hindi lamang sila nagsasanay sa ganitong anyo ng panitikan ngunit naibebenta rin nila ito sa mga Amerikanong interesado mabasa at matutuhan kung ano ang mayroon sa Pilipinas (Jose 2021, 76-77). Kaya't upang bumenta, makikitang ang mga travelogue at travel book ay nilalakipan ng mga nakakapukaw ng atensiyon (i.e. pagiging exotic). Kung tutuosin, dalawa ang pakinabang nito para sa mga Amerikano. Una para sa negosyo at pangalawa, upang maging bahagi ng kolonyal na naratibo:

The adventure of travelling itself had to be emphasized in travel accounts, at many times producing a masculine colonial discourse appropriate to the theme. The writing also had to be entertaining. The idea of the exotic, then, came to be allied with travel narratives (Vergara 1995, 77).

Maituturo sa akda ni Vergara na *Displaying Filipinos* (1995), ang kaniyang paglalalahad ng iba't ibang akdang pangmanlalakbay na isinulat ng mga Amerikanong tangan ang kanilang mga maleta at preconsepsiyon hinggil sa Pilipinas o sa madaling sabi, bilang mga ordinaryong turista ngunit lakip ng kanilang paglalakbay ang adhikaing ipamalas ang pananakop sa dinayong lugar:

This was because the Philippines was not just any other country. They had arrived carrying luggage and preconceptions. They were not mere foreign travelers, either, they were Americans, belonging to the country that was the "pre-destined master" of the colony. Their writings and photographs were therefore informed by the colonial narrative (Vergara 1995, 76).

Sa mga inilatag ni Vergara (1995, 75-76), hinalimbawa niya bilang instrumento ng kolonyalismo ang akdang pangmanlalakbay na mula sa mga dyornalista. Ilan dito ay ang *The Expedition to the Philippines* (1899) ni Francis Davis Millet na nakapaglakbay sa Pilipinas at Danube Region bago siya mamatay sa lumubog na RMS Titanic noong 1912; *The Story of the Philippines: The Eldorado of the Orient* (1898) ni Murat Halstead na nasa Pilipinas nang maganap ang Digmaang Espanyol-Amerikano; *The*

Philippine Islands (1914) ni William Boyce kasama ang kaniyang pamilya na naglakbay sa Pilipinas, Panama, Hawai'i, at Cuba; at *An Observer in the Philippines* (1905) ni John Bancroft Devins, na kung saan tinawag niya ang kaniyang pamumuhay sa Pilipinas bilang "Life in Our New Possessions." Mayroon ding mga koleksiyon ng liham, larawan, at talaarawan tungkol sa kanilang paglalakbay sa Pilipinas. Halimbawa sina Maud Huntley Jenks sa kaniyang *Death Stalks the Philippine Wilds: Letters of Maud Huntley Jenks* (1951) at *The Odyssey of the Philippine Commission* (1913) ni Daniel Williams.

May ilang propesyonal na manlalakbay ang naitala ni Vergara – katulad ni Frank Carpenter na sumulat ng *Through the Philippines and Hawai'i* (1925). Si Carpenter ay sumulat din ng mga aklat tungkol sa geograpiya. Ang kaniyang paglalakbay sa Pilipinas ay bahagi ng Carpenter's World Travels Series, kalipunan ng mga akdang hinggil sa kaniyang paglalakbay sa iba't ibang bahagi ng mundo. Gayundin ang *The Philippines and Filipinos* (1914) ni Oscar William Coursey; *The Philippines under Spanish and American Rules* (1906) ni Charles Forbes-Lindsay; *The Philippines and Round About* (1899) ni George John Younghusband; *The New Era in the Philippines* (1903) ni Arthur Brown; *The Philippines and the Far East* (1904) ni Homer Stuntz; at *Old Glory and the Gospel in the Philippines* (1902) ni Alice Byram Condict.

Liban kay Worcester, may ilan ding Amerikanong manlalakbay na may koneksiyon sa pamahalaan ang nakarating sa Pilipinas. Una na rito si Ebenezer Hannaford na sumulat ng *History and Description of the Picturesque Philippines* (1900), *The Philippines* (1905) ni Fred Atkinson; at ang mga akdang *Philippine Life in Town and Country* (1905) at *The Americans in the Philippines* (1914) ni James LeRoy. Naitampok din ang mga akda nina Jose de Olivares na *Our Islands and their People as Seen with Camera and Pencil* (1899); Karl Irving Faust sa kaniyang *Campaigning in the Philippines* (1899); ang akda ni James Givens na *Scenes Taken in the Philippines, China, Japan and the Pacific: Relating to Soldiers* (1912) at walang may-akdang *Souvenir of the 8th Army Corps Philippine Expedition: A Pictorial History of the Philippine Campaign* (1899).

Sa repositoryo ng William & Mary, partikular sa "Travel Literature in the Special Collections Research Center," nakapagbahagi ito ng ilang akda at manuskritong hinggil sa paglalakbay. Kabilang dito ang *Frances Evarts Clark Travel Diary* (1926-1927) na may pagbanggit sa paglalakbay ni Evarts sa Maynila noong 1926 matapos niyang makuwaran-tina sa Guam dahil nagpositibo sa tigdas ang isang pasaherong lulan ng

barko. Ang akdang *Fred Charles Doyle Photo Album* (1955) ay isang kompilasyon ng mga larawan ng pamilyang Doyle sa kanilang paglalakbay sa Texas, Massachusetts, Arizona, Oklahoma, at sa Pilipinas. Gayundin ang *John G. and Verna O. Francis Diary* (1931), tungkol sa paglalakbay sa New York patungong Pilipinas. Nakapaloob naman sa *Grigsby-Galt Papers* (1840-1930) ang mga isinulat ng mag-asawang Mary Blair Grigsby at William W. Galt tungkol sa Labanan sa Manila Bay.

Nilalaman ng *John Lesslie Hall Jr. Papers* (1893-1973) ang mga tala ng admiral ng Pearl Harbor na si Hall tungkol sa Pilipinas. Gayundin ang akda ng siruhanong si Koontz sa kaniyang *Amos Koontz Papers II* (1865-1970); *Anthony Morris Leafdale Diary* (1899-1911); *Upshur Family Papers Mss. 66 Up 8* (1898) na naglalaman ng liham mula kay Admiral George Dewey sa Maynila; *H.M. Lewis Papers* (1932-1934), pagpapalitan ng liham nina Lewis na misyonero mula Sendai, Japan at mag-asawang Mrs. J. E. Creasy sa Roanoke, Virginia noong 1932 at 1934. Sa ikalawang liham, naroon ang naging paglalakbay ni Lewis na may pamagat na “Manila,” “Along the China Sea—Hong Kong,” “Shanghai,” at “Yokohama.” Nilalaman ng *Offley Family Papers* (1818-1916) ang ilang kaganapan sa Digmaang Espanyol-Amerikano at Digmaang Pilipino-Amerikano. Gayundin ang *Philippine Insurrection Diary* (1889-1990) ni C.A. Detrick na napetsahan noong Disyembre 17, 1899 at Pebrero 2, 1900 na tungkol sa kaniyang karanasan noong Digmaang Pilipino-Amerikano.

Panghuli, ang *Reed Family Papers* (1889-1946) ay tungkol naman sa personal na palitan ng liham nina Asa Daniel Reed at Clarence Elizabeth Mangus sa panahon ng paglilingkod ni Reed sa militar ng Estados Unidos at karanasan sa Pilipinas. Gayundin ang *Bert Ward Diary* (1899) patungkol sa karanasan ng isang sundalong Amerikano noong Digmaang Espanyol-Amerikano kasama ang kaniyang personal na paglalakbay sa Plattsburg, New York, San Francisco, at sa Pilipinas.

Panahon at Paglalakbay ng mga Hapones sa Pilipinas

Kung ang pag-uusapan ay tungkol sa ugnayan ng paglalakbay ng mga Pilipino at Hapones, malapit sigurong halimbawa ay ang tampok na paglalakbay sa pagitan nina Jose Rizal at ang Hapong si Tetcho Suehiro. Nakasabay ni Rizal si Tetcho sa barkong mula sa Japan at magdadala patungong Estados Unidos at London (Hayase 1999, 37-38). Ang karanasan ng paglalakbay kasama si Rizal ay inilimbag ni Tetcho sa akdang *Oshi no Ryoko* (A Travel of a Dumb Person). Gayunpaman, ang akdang ito ay

tungkol sa paglalakbay ng isang Hapones kasama ng isang Pilipino; at hindi tungkol sa paglalakbay ng Hapones sa Pilipinas. Kaya't maituturo ang akda ni Yu-Jose na *Japan Views the Philippines, 1900-1944* (1992) na nagsiwalat ng samo't saring akdang pangmanlalakbay ng mga Hapon sa Pilipinas –na bibihirang mabanggit at mapag-usapan sa kasaysayan.

Una na rito ang mga akda ni Nitobe Inazo na *Sugar Industry in the Philippines* (1943) at *Nitobe Inazo Zenshu* (1969). Ang huling akda ay higit na naipaliwanag sa kaniyang paunang salita sa *Hiripin keizai-teki shisatsu ippan* (An Economic Survey of the Philippines) (1913) ni Tomio Matsuoka (Yu-Jose 1992, 165, n. 6). Ayon kay Nitobe, nakarating at naka-paglakbay siya sa Pilipinas noong 1901, 1913, at 1916 bilang bahagi ng 1916 South Seas Observation Tour. Upang maging pamilyar sa Pilipinas, binasa niya ang ilang travelogue na isinulat nina Carl Crow, Dean Worcester, Hamilton Wright, at Fedor Jagor. Sumunod ang akda ni Tsurumi Yusuke na *Nanyo yu ki* (South Seas Travels) (1928). Patungkol ito sa kaniyang paglalakbay sa Maynila, kalakip ng kung anu-anong mga negatibong paglalarawan at obserbasyon hinggil sa mga Pilipinong kaniyang nakita. Ilan sa mga bagay na naitala ay ang kaniyang komentaryo hinggil sa kaisipan at mentalidad ng kabataang mag-aaral sa Tondo; panlalait sa mga Pilipinong sining; akusasyon tungkol sa kayabangan ng mga Pilipino; at pag-aastang kapantay ng mga Europeo (Yu-Jose 1992, 34-35).

Samantala, isinulat naman ni Tsuchiya Motosaku sa *Hiripin bassho* (Philippine Travels) (1917) ang kaniyang karanasan sa tatlong buwang paglalakbay sa Maynila, Baguio, Mindoro, Negros, Davao, Zamboanga, Basilan, Cotabato, Samal, Sarangani, Mactan, at Cebu. Nagbigay si Tsuchiya ng ilang ekonomikong obserbasyon sa Pilipinas gaya ng pagkahuli nito sa kaunlaran (Yu-Jose 1992, 50-51). Gayundin ang akda ni Kobayashi Senkichi na *Hiripin kiko* (Philippine Travels) (1920). Naglakbay si Kobayashi sa Pilipinas mula Hunyo 1918 hanggang Marso 1919. Sa maikling panahon na iyon, masyado niyang hinamak ang ilang Pilipino. Partikular na ang kaniyang obserbasyon tungkol sa “kahinaan sa ulo” ng mga Pilipino na kaniyang iniugnay sa kakulangan ng edukasyon at mainit na klima sa Pilipinas (Yu-Jose 1992, 54). Huling halimbawa ang dalawang akdang pangmanlalakbay ni Kanegae Seitara na *Aruite kita michi: Hiripin monogatari* (The Path I Walked: A Story of the Philippines) (1968) at *The Path of Friendship: A Tale of a Japanese Immigrant in the Philippines* (1987). Si Kanegae ay dumating sa Pilipinas gamit ang pekeng pasaporte noong Oktubre 10, 1909 at inilarawan ang Maynila sa kaniyang paglalakbay bilang atrasado, isang pamayanang may mahirap na pamumuhay, at

karamihan daw sa mamamayan nito ay nakatira sa nipa at kawayan. Gayundin sinabing ang mga Pilipino ay nakapaa at bihirang magsuot ng mga tsinelas (Yu-Jose 1992, 57, 166, n. 1).

Nasaksihan sa bahaging ito ang pagtatala ng paglalakbay ng mga Tsino, Espanyol, Amerikano, Hapones, at iba pang Europeo tungkol sa mga Pilipino. Sa paglalakbay at pagtatala ng paglalakbay (sa anyo halimbawa ng pangangayaw sa karagatan, pakikipag-ugnayan sa Indo-Malaysia, at iba pang pagpaparoo't parito sa kapuluan) at sa mga kuwento at epiko ng "paglalakbay" ay patunay na bago dumating ang mga dayuhan sa ating kapuluan, ang bawat etnolinggwistikong pangkat ay may sariling "pantayong pananaw." Isang larawan sa kabuoan na nakasalalay sa pagkakabit-kabit ng aspektong kultural at panlipunan ng bawat isa na maipamahagi at maintindihan ng lahat ng pangkat (Salazar 2000b, 56-57). Pagdating ng mga dayuhang Tsino na nagtala ng kanilang paglalakbay sa wikang Tsino; Espanyol sa wikang Espanyol; Amerikano sa wikang Ingles; Hapones sa wikang Nihongo; at iba pang kawikaang Europeo –Pranses, Aleman, Ruso, at Holandes ay malinaw na mayroon din silang "pantayong pananaw" ngunit ang pinag-uulatan ay kanilang pinagmulang lugar o pangkat.

Paglalakbay ng mga Pilipino sa Diwa ng Kolonyalismo

Habang namamayani ang kolonyalismo sa Pilipinas, may ilang Pilipino rin ang nakapagsulat tungkol sa kanilang paglalakbay ngunit ang mga Pilipinong ito ay pawang akulturadong nabigyan ng pagkakataon upang magtungo sa lupain ng kanilang mga kolonisador. Sa panig ng mga propagandista, hindi nawawala si Rizal. Unang nakapaglakbay sa Europa mula 1882 hanggang 1887. Habang nasa Barcelona, nakapagsulat at nakapaglimbag ng artikulo sa Diariong Tagalog gaya ng *Los Viajes* (Mga Paglalakbay) at *Revista de Madrid* (Pag-alala sa Madrid), mga akdang naglahad ng kaniyang paglalakbay. Liban pa ito siyempre sa pakikipag-sulatan ni Rizal sa iba't ibang kaibigang banyaga o isip-banyaga na binabalitaan niya ng mga naging paglalakbay mula 1888 hanggang 1896 (Rizal 1962). Gayunpaman, ginunita ito ni Rizal sa wikang Espanyol –banyaga.

Gayundin ang mga pensionado sa panahon ng mga Amerikano. Halimbawa ay si Carlos Bulosan na sumulat ng *Chorus for America: Six Philippine Poets* (1942a) at *Letter from America* (1942b) at *America is in the Heart: A Personal History* (1946). Tungkol ito sa kaniyang paglalakbay sa Kanlurang Baybayin ng Estados Unidos sa panahon ng Great Depression. Lider manggagawa at manunulat si Bulosan para sa mga migran-

teng Pilipino na nasa kontekstong sosyo-politikal ng Estados Unidos at ng proletaryong internasyonal (Salazar 1999, 38). Maidadagdag din liban kay Bulosan ang mga Pilipinong manunulat na nakarating sa Estados Unidos. Hindi man detalyadong nagsulat tungkol sa paglalakbay gaya ni Rizal, naglakbay pa rin naman! At ang mga naisulat ay pawang nasa diwa at dulot ng kanilang paglalakbay! Halimbawa ang nobelang *Without Seeing the Dawn* (1947) ni Stevan Javellana na bagaman ay sinimulan ang kuwento sa Pilipinas, mapapansing idinamay pa rin ang Estados Unidos sa kaganapan noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nanirahan si Esteban (na naging Stevan) sa Estados Unidos. Ipinaliwanag ni Javellana ang pagkaPilipino sa wikang Ingles para maunawaan ng mga Amerikano at mga Pilipino sa Amerika na marunong mag-Ingles ngunit limitado para sa mga Pilipinong (kahit sa Pilipinas) dapat sanang makaalam o makabasa man lang ng kaniyang karanasan (Salazar 1999, 38). Ganito rin ang akdang *Scent of Apples: A Collection of Stories* (1979) ni Bienvenido Santos. Dumating sa San Francisco noong 1941, nag-aral at kalauna'y babalik sa Pilipinas upang maging guro. Gaya ni Bulosan, tungkol din ang akdang ito ni Santos sa kalagayan ng isang lalaki kasama ang kaniyang pamilya na namuhay bilang migrante sa Estados Unidos. Gayundin ang ilang sulatin ni Jose Garcia Villa na nagtungo at nag-aral sa Estados Unidos. Sa kaniyang paglalakbay, nagsulat ng prosa at mga tula at siyempre gaya ng inaasahan ay nasa wikang Ingles.

Gayundin ang mga paglalakbay ni Ninoy Aquino noong dekada 1950 sa Korea noong kasagsagan ng Korean War (1950-1953) at sa Timog Silangang Asya bilang mamamahayag ng Manila Times (Sta. Romana-Cruz 1999, 264-265; Navarro at Campomanes 2018). Liban sa Korea at ilang bahagi ng Timog Silangang Asya, naglakbay rin si Ninoy sa Rusya at nakapaglathala ng aklat ukol dito –*Journey Through Russia* (1970).

Kahit na nakapagsulat ng paglalakbay ang mga nabanggit sa itaas, nanatiling banyaga pa rin ang kanilang kinakausap. Ang ganitong uri ng pagtatala ay laganap pa rin hanggang sa panahon ng post-kolonyalismo.

IKALAWANG BAHAGI

Paglalayag sa Panahon ng Post-Kolonyalismo

Isa ang mga travel narrative at travelogue sa itinuring ni Said sa kaniyang *Orientalism* (2003), bilang aparato ng “mala-eksotikong” pagtingin ng mga taga-Kanluran sa Silangan. Mismong ang Gitnang Silangan (Kanlurang Asya) na mismong sinilangan ni Said ay nailarawan ng mga

Europeo sa kanilang mga travelogue bilang “exotic” na kalauna’y magiging kasangkapan sa pagbubuo ng imperyalismo (Behdad 2019, 185). Ang naging pag-aaral ni Said ay humawan ng landas upang pagnilayan ang rekonstruksiyon ng (1) identidad ng mga Asyano, Afro/Latino-Amerikano, Aprikano, at iba pang “may kulay” (Patajo-Legasto 2007, 8) upang banggain ang pananaw ng Kanluran at (2) pagpapatingkad ng iskolarsyip upang masolusyonan ang suliraning panlipunang angkop para sa atin.

Liban pa kay Said, biglang naalala ang lekturang “Alternative Sociologies, Counter-Sociologies (2020)” nina Vineeta Sinha at Syed Farid Alatas ng National University of Singapore kung saan itinampok ni Sinha ang natatanging buhay at paglalakbay ni Pandita Ramabai Saraswati (1858-1922) (tingnan din, Alatas at Sinha 2017, 237-268). Mahalaga ang akda ni Ramabai na *American Encounter: The Peoples of the United States* (1889), bukod sa ito ang pinakaunang akdang pangmanlalakbay na isinulat ng taga-India tungkol sa karanasan sa Estados Unidos (Chandorkar 2013, 160), isa rin itong halimbawa ng akdang nagpamalas ng resistans sa sumasagka o naghaharing diskurso ng “Orientalismo.” Higit sa lahat, isang akdang isinulat ng babae na noong mga panahon ni Ramabai ay nakaranas ng marhinalisasyon sa lipunang Hindu at sa Kanluran. Isang manlalakbay at hindi lamang isang ordinaryong turista si Ramabai. May kaibahan ito, ani Chandorkar:

A typical traveller, unlike a tourist, embarks on a journey with a specific purpose... the traveller finds a new place, new people and a new self (Chandorkar 2013, 164).

Lalo pa’t ang layunin ng naging paglalakbay ni Ramabai sa Estados Unidos ay mayroong katungkulang pabalik sa bayan. Sa mismong pambungad na aklat ni Ramabai, sinabi niyang:

...the happiness I derived from seeing the marvellous things in the United States will remain incomplete unless I share it... with my dear countrymen and woman (Ramabai 1889, sipi kay Chandorkar 2013, 167).

Binasag ni Ramabai sa kaniyang akda ang unibersalismo ng Kanluran. Napakalapit nito sa pagtatanim ng mala-exoticang pagtingin ng Kanluran patungkol sa kanilang mga paglalakbay sa Silangan. Sa Pilipinas, isa sa maagang pumuna sa ganitong pagtingin ay si Cristina Pantoja-Hidalgo (1992). Ayon sa kaniya, ang lahat ng mga akdang pangmanlalakbay ay kadalasang isinulat ng mga Kanluranin at kung minsan pawang

kalalakhian. Bukas-isip na sinuri nina Ramabai at Hidalgo ang ganitong suliranin na kagyat ginagawan ng solusyon sa kasalukuyan. Sa kaniyang akdang *I Remember: Travel Essays* (1992), sinabi ni Hidalgo na panahon na upang sumulat ng paglalakbay ang mga Pilipino:

Another problem: most writers of travel books (and by this I don't mean tourist guidebooks, but travel essays, such as L. Durrel, D.H. Lawrence, E. Waugh, and P. Theroux, write) are from the West, for whom **exotica by definition is the East**. And much of what they observe as droll or quaint is actually perfectly natural to the natives of the East. We of the East, on the other hand, do not write travel books... So when we travel, we see even our own cities through western eyes. **We should write our own travel books, and we should write what we find exotic, which naturally, is the West**. And the things we will find funny or odd will probably seem perfectly commonplace to the Western person (akin ang diin) (Pantoja-Hidalgo 1992, 34).

Maraming akdang naisulat ang batikang si Hidalgo tungkol sa kaniyang paglalakbay. Gaya ng *Ballad of a Lost Season* (1987a). Sa akdang *I Remember: Travel Essays* (1992) na binubuo ng labing-apat na kabanata, nilayon niyang itampok ang kaniyang makaPilipinong paglalakbay sa harap ng entabladong Kanluran at upang hamunin ang pag-iral ng exotica, isang Kanluraning pananaw tungkol sa tinuran nilang mga "Oriente." Inakda rin ang *Sojourns* (1984); *Korean Sketchbook* (1987b); *Five Years in a Forgotten Land: A Burmese Notebook* (1991) na nagtampok ng kaniyang makabuluhang paglalakbay sa noo'y bansang Burma (na gayo'y Myanmar). Panghuli, sa kaniyang *Looking for the Philippines: Travel Essays* (2010), katulad ng mga naunang akda, naglaman din ito ng samo't saring sanaysay tungkol sa paglalakbay sa iba't ibang lungsod.

May iba pang Pilipinong nakapagsulat ng kanilang paglalakbay liban kay Hidalgo. Halimbawa ay ang akdang *Looking for Jose Rizal in Madrid: Journeys, Latitudes, Perspectives, Destinations* (2004) ni Gregorio Brillantes. Lakip nito ang pagkahumaling ni Brillantes sa paglalakbay upang tuntunin hindi lamang ang mga narating ni Rizal sa Espanya ngunit maging ang interkultural na ugnayan ng Pilipinas sa ibang bansang noo'y sumailalim sa kolonyalismong Espanyol. Kaya't nabisita rin niya ang Mexico at ilang bansa sa Latin Amerika katulad ng Nicaragua. Gayundin ang akdang *Golden Kumquats in Trieste and Other Travel Tales* (2018) ni Alice Sun-Cua na nagbahagi ng kaniyang personal na paglalakbay at karanasan sa Trieste at iba pang bahagi ng Europa. Ang

Trieste, Italya ay kilala sa kasaysayan bilang maritime gateway papuntang Austria, Germany, at Gitnang Europa. Dito rin nagwawakas ang ruta ng Silk Road at kumokonekta sa Suez Canal. Samantala, ang akda naman ni Josephine Roque na *How to Ride a Train to Ulaanbaatar and Other Essays* (2021) ay isang kalipunan ng labingisang sanaysay ng kaniyang paglalakbay at karanasan sa Asya at paninirahan sa Shanghai, China at ilang paglalakbay sa Hong Kong, Macau, Seoul, at iba pa. Gayundin sa akdang *Traveler's Notebook: Insights from Life's Journey* (2017) ni Marlene Legaspi-Munar kung saan kaniyang ibinahagi ang mga karanasan ng paglalakbay sa mga bansang Germany, The Netherlands, Brazil, Kenya, Malaysia, Thailand, at marami pang iba. Kasama rin si Dominador Buhain, may-ari ng Book Museum cum Ethnology Center. Siya ay naglakbay sa halos lahat ng bansa sa daigdig. Ilan sa kaniyang tampok na akda ay ang *On the Life and Travels of Atty. Dominador D. Buhain* (w.tn).

Humihitik pa nga ang mga babasahing pangmanlalakbay tungkol sa Pilipinas. Halimbawa ang akdang *A Philippine Odyssey: A Collection of Featured Travel Articles* (2005) ni Benjamin Locsin Layug at *Biyaheng Pinoy: A Mindanao Travelogue* (2020) ni Edilberto Alegre. Nariyang makikita rin ang mga karanasan ng magbubundok (hiker o mountaineer), gaya ng *Akyat: A Filipino's Journey to the Seven Summits* (2014) ni Romi Garduce at *Day Hikes and Nature Walks from Manila: Itineraries and Backpacking Notes* (2016) ni Gideon Lasco. Si Lasco ay isang antropologo na umaakyat sa kabundukan dito sa Pilipinas at labas ng bansa. Siya rin ang may akda ng *The Philippines is not a Small Country* (2020), na may mangilan-ngilang pagbanggit sa kaniyang karanasan sa ibayong dagat. Gayundin ang *Tales from the 7,000 Isles: Filipino Folk Stories* (2011) nina Dianne de las Casas at Zarah Gagatiga at *Select Travel Stories from the Different Regions of the Philippines* (2020) ni Ivan Jose.

Mga Akdang Pangmanlalakbay sa mga Referadong Dyornal

Hindi tipikal sa mga dyornal dito sa Pilipinas na maglathala ng mga akdang may kinalaman sa paglalakbay. Kung mayroon man, mahirap itong hanapin dulot ng kanilang malikhaing mga pamagat. Ilan sa mga ito ay akdang "In Search of Stillness and Serenity (2011)" ni Cristina Pantoja-Hidalgo; "Devotion II (2015)" ni Wilfredo Pascual; "Wuhan (2020)" ni Jan Robert Go; "Going to Yale (2006)" ni Charlie Samuya Veric; at "Finding Genoa, Finding Myself Notes on Reading, Language, Travelling, and Mobility (2016)" ni Luna Sicat Cleto. Ang huling dalawang banggit na

akda ay kasama bilang mga kontribusyon sa aklat na ito. Naisalin sa wikang F/Pilipino ang kay Veric gayundin kay Cleto bagaman ang kaniyang akda ay naisusulat naman talaga sa dalawang wika.

Sa abot ng aking nalalaman, ang *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia* ng Asian Center, U.P. Diliman ay bukod tanging dyornal sa Pilipinas ang eksklusibong naglalabas ng mga akdang pangmanlalakbay ng mga Pilipino sa ibayong dagat partikular na sa Asya. Gayunpaman, hindi pa rin ito regular na ginagawa, depende kung mayroon magpapasa sa itinakdang pamantayan ng dyornal:

Describe road-less-traveled type of destinations or events in Asia, or show familiar, common venues in a new light or discuss obscure features of familiar venues. Comment on how the venue or event relates to theoretical and practical issues in and about Asia. Must not simply describe what was seen/heard/felt; it should reflect, analyze, etc. (ASJCPA w.tn.).

Tampok sa mga akda ng nasabing dyornal ay –“Filipino Identity through Foreign Eyes: Reflections of an Exchange Student in Korea (2016)” ni Marian Gongora; “How to Say Bittersweet in Korean and Create Long-Lasting Memories (2017)” ni Aldrin Lee; “Vignettes of East Asia in a Year of Transition (2017)” ni Miguel Paolo Reyes; “A Pacific Pilipina in the Ocean of Palouse (2017)” ni Tabitha Espina Velasco; “A String of Specters: Reflections on the Haunting in Viet Thanh Nguyen’s *The Refugees* (2020)” ni Adrian Alarilla; at “Adventure, Data Gathering, and Building Network in Indonesia (2021)” ni Abdulwahid Panganting. Noong 2022, eksklusibong naglabas ang dyornal ng isyu hinggil sa Japan at gayundin ng ilang karanasan ng paglalakbay rito gaya ng “The Invisible Red Thread: Constructed Symbols of Unity” ni Faith Madeleine Ong; “Chabashira” ni Christel Sobredo; “An Unexpected Journey to Japan: A Personal Log” ni Julius Mañalac; at “Japan: Impressions from a Six-Day Visit” ni Domar Balmes. Sa parehong dyornal nakapaglathala rin ako ng akdang “Chasing Waves: Reflections on Southeast Asian Fisherfolk (Tugano 2021c)” na nagtampok sa ilang mandaragat na aking nakasama sa Timog Silangang Asya partikular sa Brunei Darussalam, Myanmar, at Vietnam. Samantala, sa ibang dyornal, mababasa rin ang akdang “Hidden Sacrifices: Narratives of Select Filipina Overseas Workers in Southeast Asia (Tugano 2020b)” na tumuon naman sa mga migranteng manggagawa sa Timog Silangang Asya partikular sa Singapore, Malaysia, at Cambodia.

Ang Suliranin ng mga Kasalukuyang Travelogue at Travel Guide

Mula sa iniwang larawan ng mga dayuhang mananakop hinggil sa kanilang paglalakbay sa Pilipinas, kagyat na nagbagong bihis na rin ito sa kasalukuyang panahon. Naisipi sa naunang bahagi na ginamit ng mga dayuhan (lalo na ang mga Amerikano) ang travelogue upang pagkakitaan at maging kasangkapan para itanim ang kolonyalismo (Vergara 1995, 76). Sa personal kong mga karanasan sa paglalakbay, may makabagong Orientalismo ang mapapansin dito. Tulad na lamang sa kung paano ilarawan ng mga banyagang turista ang ating bansa bilang exotic country, kaka-ibang bansa, delikadong bansa; may ilan pa ngang nagpopost sa social media kasama ang ating mga pangkat-etniko na may kapsiyon kung minsan, “with the Filipino tribe,” “with the fantastic people,” o kung ano pang anyo ng esteriotipo –Pinoy Baiting. Hindi naman na bago ang ganitong mga pagkakataon. Tingnan din bilang halimbawa ang ilang “vlog” tungkol sa paglalakbay ng mga dayuhan sa Pilipinas. Makikita ang “Philippines STRANGEST food! ETAG in Sagada|Travel Philippines Vlog (Fearless and Far 2018);” “Exotic Filipino Food!! Eating GIANT TAMILOK “Wood Worms” in Palawan, Philippines! (Martin 2022);” “Philippines –Land of enchanted Islands|Epic Travel Cinematic (Benn TK 2019);” at iba pa. Ang ganitong paksa ay maaaring pagyamanin sa hinaharap. Ang ganitong reyalidad ay ibinunga ng paglipana ng iba’t ibang akdang pangmanlalakbay ng mga banyaga na walang habas kung ilarawan ang anomang makita sa Pilipinas. Sa kasalukuyan, maraming travel guide book ang ibinebenta sa buong mundo, halimbawa ng Lonely Planet, Bradt, at The Rough Guides. Madalas itong nakatuon sa “impormatibong” paraan na makatutulong sa mga banyagang nais magpunta sa Pilipinas –ano ang mga makikita, saan tutuloy, gaano kamura/kamahal ang bilihin, at iba pa. Gayunpaman, hindi nawawala sa bawat travel guide book na ito ang maikling pagbibigay ng kasaysayan sa Pilipinas (na umaabot pa nga kadalasan ng tatlo hanggang limang pahina), siyempre may pagtatampok sa kolonyalismo –i.e. “The Philippines Under Spain.”

Minsang pinagkamalian ng mga travel guide book ang ilang impormasyon tungkol sa Pilipinas. Katulad halimbawa ng Lonely Planet o palimbagang naglalabas ng mga aklat tungkol sa paglalakbay. Binuo ito noong 1972 nina Tony Wheeler at Maureen Wheeler nang sila’y maglakbay sa Europa at Asya. Ang mga aklat na inilabas ng Lonely Planet ay naging batayan ng mga manlalakbay sa Asya noong bahagi ng dekada 1970 at 1980 (Lisle 2008, 155). Ngunit noong Marso 2019, humarap sa kon-

trobersiya ang nasabing palimbagan. Naglabas sila ng maling kaalaman tungkol sa Banaue Rice Terraces na diumano'y binuo ng mga Tsino sa halip ng mga katutubong Pilipino (CNNPS 2019). Ang makabagong Orientalismo ay nabigyang tuon ni Caronan (2005) sa kaniyang pag-aaral. Inihambing niya ang isang travelogue na pinamagatang *Our Islands and their People as Seen with Camera and Pencil* noong 1899 at ang kasalukuyang *Lonely Planet* sa kung paano inilarawan ang Puerto Rico at Pilipinas. Gaya ng inaasahan, katulad ng mga nabanggit na “vlog” sa itaas, tiningnan pa rin bilang exotic ang Pilipinas na “kailangang mabisita” o mapuntahan:

The best thing about traveling in the Philippines is the sense that there are still discoveries to be made, sometimes just around the corner. With so many islands and so few visitors (at least in comparison to some other Southeast Asian nations), the Philippines is one of the last great frontiers in Asian travel. For those willing to adapt to the challenges of travel here, there are plenty of rewards (Rowthorn et al. 2003, 11 sipi kay Caronan 2005, 37).

Mayroong pinag-uugatang dahilan kung bakit mayaman sa pag-susulat ng paglalakbay ang kasalukuyang henerasyon ng Kanluran, ito ay dahil isa na itong pinagyayamang disiplina o pananaw, ngunit noong mga unang dekada ng dantaon 20 sa Europa ay hindi pa ganoong nakita ang panibagong gamit ng mga akdang pangmanlalakbay. Tingnan halimbawa ang mga dinispatsang lumang travel guide sa Paris noong dekada 1920 na malao'y makikita ang halaga upang maunawaan ang naging ugnayan ng Pransiya at Rusya sa panahon ng digmaan (Pitman 2015, 40-41). Kinalanan, nagamit na ito bilang panibago/makabagong aparato ng Kanluran upang mapag-aralan ang isang bansa, sa anyo ng paglalakbay. Sa kung paano halimbawa sumibol ang agham panlipunan upang pagyamanin ang panahong industriyal; ang paglitaw ng Area Studies sa panahon ng Cold War upang palawakin at dagdagan ang mga “familiar area of the world beyond [us] (Szanton 2002); at ngayon isang munting paraan ang pagsusulat ng “makabagong” mukha ng paglalakbay ng mga dayuhan.

IKATLONG BAHAGI

Ang Travel Studies sa Pag-aaral ng mga Banyaga

Itinutuon sa Travel Studies ang isang pag-aaral hinggil sa malawak na konsepto ng paglalakbay ng isang tao o grupo ng mga taong nagsasagawa nito. May bahagyang kaibahan ang Travel Studies (TS) at

Tourism Studies (TOS) bagaman kapwa silang mayroong kinalaman sa paglalakbay. Una, malawak ang kasaklawan ng TOS samantalang ispisiko naman ang TS. Mula sa napagkakamaliang konsepto sa pagitan ng travel (paglalakbay) at tourism (turismo), binigyan ng linaw ni Butler (2015) na ang travel ay isang aktuwal o literal na paglalakbay (at iba pang plural na anyo nito) na ginagawa ng isang tao/grupo ng mga tao. Samantala, ang tourism ay tumuon sa ginagawa ng isang “bisita” (Butler 2015, 17) –na kung tutuosin ay may katangiang maging siyentipiko, sistematiko, at organisadong disiplina na higit na tumutuon sa ekonomikong salik (policy oriented) at kinapapalooban ng samo’t saring pagbubuo ng teorya o perspektibo katulad ng pagsasanay at pagpapakadalubhasa sa kung paano pauunlarin ang antas ng turismo sa bawat bansang kinabibilangan. Saklaw din ng TOS ang multi-disiplinaryong lapit dahil kinapapalooban o kinakailangan nito ng ibang disiplinaryang magmumula sa agham panlipunan, batas, literatura, pagnenegosyo, komersiyo, at mga kaugnay pa, upang maunawaan ang prosesong umiinog dito (tingnan, Towner 1988). Halimbawa, kinakawing ng TOS ang sub-disiplina ng kasaysayan ng turismo kaya’t kinakailangan nitong humingi ng dulog sa hiwalay na disiplina ng kasaysayan; tourism motivation sa sikolohiya; host-guest relationship sa antropolohiya; tourism law sa disiplina ng batas; heritage-environment management sa environmental science; rural tourism sa agrikultura; marketing of tourism sa disiplina ng marketing; sports tourism sa kinesiolohiya; at iba pa (Ritchie et al. 2008, 33-41). Samakatuwid, TOS ang kalimitang tinatahak ng mga unibersidad sa Pilipinas –i.e. tourism, travel and tourism management, aviation tourism, at iba pang anyo –na tumuon din sa ekonomikong pagpapaunlad ng “sariling turismo” na madalas nakaugat pa rin sa banyagang konsepto at ideya. Marahil hindi pa gaanong nasusuri sa ngayon, posibleng hindi pa napagyayaman at napagtutuonan ng pansin ang iba’t ibang salik na sumasaklaw sa mismong paglalakbay (TS) ng mga Pilipino bilang “manlalakbay” at hindi lamang isang “bisita” gaya ng tuon sa TOS.

Sa tinuran nina Butler at Wall (1985), nagkakaroon ng diskurso ang isang “paglalakbay” kung mabibigyan ito ng kritikal na pagpapahalaga –gaya halimbawa ng pagsusuri sa historikal na aspekto nito (Butler at Wall 1985, 287). Malamang sa Kanluran at Estados Unidos ay ginagawa na ang ganitong pagpapahalaga. Sa Boston University halimbawa, sinikap ng institusyon na mapag-aralan at mabigyan ng diskurso ang pagsusulat ng paglalakbay –tungkol sa mga akdang pangmanlalakbay na naisulat sa mga dantaonang panahon o sila mismo bilang manlalakbay:

...showcases the research and personal interests of a number of Boston University (BU) faculty who work on various aspects of travel writing or are themselves travel writers. Our activities and publications represent multidisciplinary specialties among us, as well as a global range that spans the premodern and modern periods. Travel writers are often multicultural individuals who attempt to negotiate the differences and distances between cultures and communities, even as they are part of various networks, whether literary or political. In our occasional workshops, we focus on individual travel writers as well as on a particular theme (BU w.tn).

Inampon ng mga referadong dyornal ang pagpapayaman sa TS na naglalabas ng mga isyu na mayroong kaugnayan dito. Makikita halimbawa ang pagpupursigi ng Studies in Travel Writing ng Taylor & Francis bilang eksklusibong repositoryo ng mga kaalamang kaugnay ng paglalakbay. Isa itong pandaigdigang dyornal na binuo ni Tim Youngs noong 1997 upang itampok ang paglalakbay bilang hiwalay na paksa sa pagsasakasaysayan at pagsasagham ng mga karanasan at kaalaman (TFO w.tn.):

Scholars in various disciplines, including History, Geography, Area Studies, English, Cultural Studies, Anthropology, Women's Studies, Sociology, have produced much good work on travel but their efforts are not always known or accessible to colleagues outside each author's particular field. There is a need, it seems to me, for a journal that will allow scholars to speak and to listen to those with other specialisms while honouring their own strengths, hence our emphasis on multi rather than interdisciplinarity (Youngs 1997, v).

Bukas ang dyornal sa mga paksang pangmanlalakbay sa anomang panahon, anomang babasahing pangmanlalakbay at bansang sasaklawin at gayundin sa metodong gagamitin. Kumawing din ang multidisiplinarilyong pananaw sa TS sa iba't ibang disiplina na ilalapat sa paglalakbay:

Travel writing will be interpreted broadly to encompass not only travel narratives, letters, diaries, and so on, but also texts such as tourist brochures and guidebooks: whatever is written, is about travel, and is interesting. It might be anticipated, from the focus of many publications over recent years, that most of the essays will be on travel and colonialism or travel and race. Many, I trust, will be; but other contributions, such as those on the more neglected aspect of travel (that within the traveller's own country), are sought too (Youngs 1997, v-vi).

Aktibo ang dyornal na pinasimulan ni Youngs at ilang katuwang na akademiko vis-à-vis manlalakbay. Mula 1997 hanggang sa kasalukuyan, nakapaglathala ito ng iba't ibang isyu na tumutuon sa samo't saring paksang pangmanlalakbay. Mula 1997 hanggang 2021, nakapaglathala sila ng 25 tomong isyu kaugnay ng paglalakbay. Bagaman karamihan sa mga isyu ay halu-halong pananaw at perspektibo, bansa at/o rehiyong tinatalakay, at uri ng metodong ginamit, nagkaroon din sila minsan ng tematikong pagsusulat kung saan pinagsasama-sama sa isang isyu ang mga paksang pangmanlalakbay sa isang partikular na rehiyon –New Zealand (2010); Anatolia, Turkey at mga bansang naging bahagi ng Imperyong Ottoman (2012); Atlantiko at ng mga Anglo-Amerikano noong 1550 hanggang 1747 (2013); Xinjiang, China at Wales (2014); kayelohang rehiyon ng Arktika (2016); disyertong rehiyon ng Algeria, Aprika (2017); Italy, Switzerland, at France (2021); at marami pang iba.

Sa panimulang pagsusuri, makakatalisod ng dalawang pangunahing tema sa kung paano isinusulat ang paglalakbay sa diwa ng TS –(1) pagsusuri sa mga akdang may direktang kinalaman sa paglalakbay at pagpapasok ng pananaw hinggil dito, i.e. kolonyalismo, rasismo, feminismo, linggwistika, post-kolonyalismo, at iba pa at (2) pagsasagawa ng mga interbyu o panayam sa isang manlalakbay o tungkol sa paglalakbay. Mula sa bulto-bultong isyu ng TS, makapagbibigay lamang ng ilan. Halimbawa, sinuri ang naging paglalakbay ni Andre Thevet, isang paring kosmograpo sa Timog Amerika noong dantaon 16 (Campbell 1997); Walter Raleigh (Whitehead 1997); Antonio Pigafetta (Canova 2001); Richard Hakluyt (Fuller 2002); Sir Thomas Roe (Nayar 2002); Hector Perea (Pitman 2003); William Cathorne (Hosking 2007); Johann Fischart (Hess 2008); George Sandy (Mitsi 2008); paglalakbay ni Alfred Russel Wallace sa Borneo upang pag-aralan ang orangutan (Benton 1997); William Carlos (Brooker 2004); naturalistang si William Henry Hudson (Landau 2006); Andre Gide sa kaniyang paglalakbay sa Equatorial Africa (Jongeneel 2005); Edmund White at karanasan ng mga bakla sa Estados Unidos (Phillips 1997); Freya Stark (Hout 2002); Louise Hamilton Caico (Alu 2002); nobelistang si David Herbert Lawrence (Michelucci 2004); Evelyn Waugh (Miles 2004); Fanny Calderon (Cabañas 2005); Janet McGovern (Clarke 2009); Jean-Luc Coatalem at Kim Lefevre (Shilton 2009); Ernesto Guevara (Spicer-Escalante 2011); Captain Basil Hall (Hiller 1999); nila Roland Barthes, Jean Baudrillard, Michel Butor, at Claude Levi-Strauss (Scott 2003); Pico Iyer at Jan Morris sa Hong Kong (Smethurst 2004); William Mogford Hamlet (Harper 2007); George Eliot (Harris

2008); Isabella d'Este ng Mantua (James 2009); Samuel Baker (Wisnicki 2010); May French Sheldon sa Congo (Burroughs 2010); Henry Demarest Lloyd (Wilson 2010); paglalakbay nina Jean de Lery at Levi-Strauss sa Brazil (Silver 2011); at ni Alexander von Humboldt sa Cuba (Zeuske 2011).

Naglilimbag din ang TS ng mga verbatim transcription o interbyu sa mga naglalakbay o mga manunulat ng paglalakbay. Tulad sa bantog na manlalakbay at nobelistang si Colin Thubron (Bassnett 1999); geographer at manlalakbay na Pranses na si Jean Malaurie (Borm 2001); Elaine Lee (Abdullah 2006); Redmond O'Hanlon (Hindson 2007); tungkol sa paglalakbay ni Richard Fleming sa Cuba (Hulme 2011); dyornalistang si Gary Younge (Youngs 2002); Robyn Davidson (Youngs 2005a); at sa historyador at manlalakbay na si William Dalrymple (Youngs 2005b).

Samakatuwid, malawak ang kasaklawan ng mga tema at paraan sa kung paano inaaral ng Kanluran ang paglalakbay bilang disiplina.

IKA-APAT NA BAHAGI

Ang Araling Pangmanlalakbay sa Pag-aaral ng mga Pilipino

Mahalaga rin ang pagpapayaman sa konsepto ng Travel Studies sa akademikong talastasan ngunit kailangan din malaman ang puwang o limitasyon nito na ang kanilang perspektibong tinutungtungan ay nasa pananaw ng mga dayuhan hinggil sa kanilang mga naging paglalakbay. Kung gagamitin ang kanilang pagdalumat ukol sa pagpapaksang may kaugnayan sa mga paglalakbay, kumakalas dito ang dinadalumat kong Araling Pangmanlalakbay na nasa diwa ng Araling Kabawanhana, na mai-papaliwanag sa mga susunod na bahagi. Gayunpaman, hindi rin naman itatangging hinugot mula sa TS ang ideya ng pagpapayamang ito. Ang anomang banyagang lapit ay maaaring angkinin at hindi isinasantabi ang dulong, teorya, at metodo dahil lamang sa kaligiran at pinagmulan nito (Navarro 2012, 5). Samakatuwid, aangkinin ito sa paraang naaangkop at para sa pananaw at kahalagahang F/Pilipino.

Sala-salabat na mga Akdang Pangmanlalakbay sa Wikang F/Pilipino

Hindi pa gaanong kinakanlong sa malawak na akademikong repositoryo ang paglalakbay ng mga Pilipino sa ibayong dagat bagaman ay makikita na ito sa iba't ibang anyo –na maaaring personal na sanaysay, malikhaing pagsulat, pananaliksik, at siyempre, iba't ibang metodolohiya. Dahil bukod sa pangang mga Ingles, itinuturing pa rin itong “ordinaryong

akda” sa halip na ipasok sa malawak na diskurso ng isang “paglalakbay.” Marami nang nabasa sa mga paglalakbay nina Bulosan, Villa, Santos, at iba pa gaya ng nabanggit sa unang bahagi, ngunit mayroon tayong Epi-fanio Matute na umakda sa mga radio play at nasa pormat ng voice tapes na pumatungkol sa karanasan at paglalakbay ng mga Pilipino sa ibayong dagat. Makikita ito sa koleksiyon niya ng mga tula. Tampok si Matute sa akdang *Kuwentong Kutsero* (1997). Mahalaga rin ang “Transfinity Diary (2021)” ni Stefani Alvarez (o Jack Alvarez), isang transgender woman at migranteng nakabase sa Al-Khobar, Saudi Arabia at nagtampok ng kaniyang naging paglalakbay sa Gitnang Silangan at ilang lungsod ng Germany gaya ng Berlin, Hamburg, Dresden, at Leipzig. Kilala rin si Alvarez sa akdang *Ang Autobiografia ng Ibang Lady Gaga* (2015) na naglalaman ng maiikling naratibo hinggil sa kaniyang karanasan bilang OFW, makata, at bakla sa Saudi Arabia na dumaaan sa rasismo at diskriminasyon. Pinamatnugutan din ni Alvarez ang akdang *Saan Man: Mga Kuwento sa Biyahe, Bagaha, at Balikbayan Box* (2017). Gayundin ang “Ang Mapa ng Taglagas sa Aking Maleta (2017)” ni Eugene Evasco hinggil sa kaniyang akademikong paglalakbay sa Germany; “Ang Romblomanon at Pilipino Bilang Manlalakbay (2021)” ni Jose Dalisay Jr. na naglahad ng kaniyang karanasan bilang mag-aaral at manlalakbay sa iba’t ibang bahagi ng daigdig; at *Paglalakbay sa Mae Sot* (2012) ni Gregorio Bituin Jr.

Idinaan naman sa akademikong pananaliksik ang mababasa sa “Ang Kaisahan at Ugnayan sa Lumang Pamayanan ng Pilipinas at ng Rapa Nui at Polynesyang Pranses (2015)” ni Lorenz Lasco. Sinuri niya ang ugnayang Austronesyano sa pagitan ng Pilipinas at Rapa Nui sa Easter Island na sakop ng Chile at French Polynesia, na kaniyang personal na napuntahan at nalakbay.

Mahalaga sa historiograpiya ang *Mga Eksilo, Inang Bayan at Panlipunang Pagbabago* (1999) na pinamatnugutan ni Maruja Asis. Bagaman tungkol ito sa kasaysayan ng mga eksilong indibdwal, sila ay nasa anyo pa rin ng paglalakbay! Ang aklat na ito ay maaaring ipangharap sa mga hinalimbawang akda ng Travel Studies na tumutuon sa paglalakbay ng Kanluranin (na pawang mga kolonisador pa nga) at sa kung paano nila tiningnan ang Silangan. Sa anyo ng mga akademikong pananaliksik na nakapaloob dito, napahalagahan ang layunin ng paglalakbay ng mga Pilipino bilang eksilo. Kabilang dito ang mga artikulong pinamagatang “Ang Eksilo sa Kasaysayan ng Pilipinas” ni Zeus Salazar; “Si Rizal at ang mga Ilustrado sa Espanya (1999a)” at “Pensionado at Manggagawa: Mga Pilipino sa Estados Unidos, 1903-1956 (1999b)” ni Noel Teodoro; “Propa-

gandista at Deportado: Pagbabalik-bayan, ca. 1888-1892” ni Ferdinand Llanes; “Mariano Ponce: Sugo sa Bansang Hapon” ni Ma. Luisa Camagay; “Ugnayang Pilipinas-Guam sa Kasaysayan: Ilang Tala Tungkol sa mga Pilipinong Eksilo sa Guam” ni Atoy Navarro; “Eksilyo Bilang Pagtutol: Artemio Ricarte (1999a)” at “Gobyernong Eksilo (1999b)” ni Ricardo Jose; “Mga Eksilo sa Tsina” ni Clarissa Militante; “Ang Hijrah ng MNLF: 1974-1996” ni Carmen Abubakar; “Ninoy Aquino: Hindi Pangkaraniwang Eksilo” ni Neni Sta. Romana-Cruz; at “Ang Pamayanang Eksilo” ni Jo-Ann Maglipon.

Kung tungkol sa paglalakbay ng “ibang indibidwal” na Pilipino ang aklat ni Asis, hinggil naman sa sariling karanasan ang nilalaman ng *Kasaysayan 2000: Mga Panayam sa Pangigingbang-Bayan; Tungo sa Pagpapaunlad ng Disiplina ng Kasaysayan sa Pilipinas* (1993) na pinamatnugutan ni Ma. Luisa de Leon-Bolinao. Tungkol ito sa mga sanaysay ng karanasan at pangigingbang-bayan bilang gradwado o post-gradwadong mag-aaral at mananaliksik ng ilang kaguruan ng Departamento ng Kasaysayan, U.P. Diliman. Nakapaloob sa aklat na ito ang mga akdang “Buhay Mag-aaral: Pransiya 1978” ni Ma. Luisa Camagay; “Pransiya, 1984-1989” ni Noel Teodoro; “Paglalakbay sa Estados Unidos, 1992” ni Enrico Gerard Azicate; “Kasaysayang Demograpikal ng Asya: 1992 Seminar sa Hawai’i at Timog Korea” ni Francis Gealogo; at “Sa Gitna ng Unos: Beijing, Tsina 1989” ni Eden Gripaldo.

Naglabas din ang Katipunan Journal ng Ateneo de Manila University ng isang isyung pinamagatang “Bilateral” upang tingnan ang daloy at karanasang Pilipino sa Australia. Ayon sa isang patnugot nitong si Alvin Yapan (2021), naikabit na ang imahinaryong Pilipino sa daloy at galaw ng migrasyon sa Australia (Yapan 2021, 2). Bagaman, nakatuon ang isyu sa usapin ng panitikan, karamihan sa mga kontribyutor dito ay nakapag-aral o kung hindi man, nakapaglakbay sa isang kontinenteng bihirang malapatan ng paksang tungkol sa mga Pilipino. Tampok sa nasabing isyu ang mga akdang “Mga Multong Balikbayan at Dekolonyalidad: Sa Paghahanap ng Pangalan para sa mga Turistang Nagbabalikbayan” ni Lucy Van; “Sentimentalismong Sintunado: Mga Harana sa La India Elegante y El Indio Amante ni Francisco Balagtas at Ms. Serena Serenata ni Merlinda Bobis” ni Isa Lacuna; “Pagkakatha at Pagtatanghal sa Espasyong Transnasyonal: Isang Pakikipagdiyalogo sa Fish-Hair Woman ni Merlinda Bobis” ni Jazmin Llana; “Dekolonyal na Elastisidad sa Salaysay ng Paglalakbay at na Naglalakbay ng Makatang Filipinong Transnasyonal: Mga Pakikipagsapalarang Malikhain at Kritikal” ni Merlinda Bobis; “Mga

Relasyong Panlipunan at mga Kakayahan ng mga Dalubhasang Migranteng Filipino sa Perth, Western Australia” ni Jozon Lorenzana; “Ang Lugar ng Araling Pilipino sa Kontinenteng Australia: Sipat Mula sa Karanasan ng Diasporang Filipino at Iskolar(syip) sa Melbourne, Victoria” ni Reagan Maiquez; “Dalawang Antolohiya, Isang Kasaysayang Pampanitikan: Ilang Tala sa Likod ng Tatlong Aklat Tungkol sa mga Manunulat na Pilipino sa Australia” ni Jose Wendell Capili; at “Tunog Tagalog: Pagninilay-nilay sa Kultura ng Pakikinig at Politikal na Ekolohiya ng mga Bagay” ni Gary Devilles.

Pagbabalik sa Banwa: Ang Paglinang sa “Lakbay-Kabanwahan”

Nabanggit sa unang bahagi na “nawalay sa banwa” ang paglalakbay ng mga Pilipino dahil sa napakahabang panahon ng kolonyalismo at ngayo’y tatangkain itong maibalik. Bagaman may pagpupunla na rin sa pagsusulat ng paglalakbay sa wikang F/Pilipino, mas nauna itong naisapraktika bago ang paglilinang ng pananaw na kakanlong dito. Nai-pakilala nina Elumbre at Navarro (2019) ang lakbay-kabanwahan (lakbay sa banwa). Ito ay isang pagsasalaysay ng pangigingbang-bayan sa wikang F/Pilipino ng mga Likasyan o mga kasapi at alumni ng U.P. Lipunang Pangkasaysayan (LIKAS) sa isang rehiyon ng Asya at rehiyon ng mundo (Navarro 2019a, 2-3). Ani Navarro (2019a, 2), ang pamamatnugot na ito ay pagpapatuloy sa naunang akda ni de Leon-Bolinao (1993).

Nagluwal ang unang tomo ng iba’t ibang akda gaya ng “Ambag sa Araling Kabanwahan at Araling Pilipino-Thai: Mga Pananaliksik Ukol sa Ugnayang Pilipino-Thai (2019b)” ni Atoy Navarro kung saan mahahalaw rito ang kaniyang interes at karanasan sa Araling Pangkasaysayan, Pangkalusugan, at Pampalakasan; “Pag-aaral ng Araling Panlipunan sa Indonesia” ni Wensley Reyes kung saan kaniyang nabigyang halaga ang nagbabagong katangian ng pedagohiya sa Araling Panlipunan at ang epekto nito sa pambansa at rehiyonal na interes; “Kapaligiran, Kasaysayan, at ang Epistemolohikal ng Konstruksyon ng Timog Silangang Asya” ni Ruel Pagunsan na tumuon sa kaniyang pagsisiyasat sa natural history bilang kaalamang nagpapatingkad sa kolonyalismo, nasyonalismo, at rehiyonalismo; “Pananaliksik at Pagbabahaginan Ukol sa Kasaysayan ng Sakit na Ketong sa Timog Silangang Asya” ni Ma. Florina Orillos-Juan na naglalaman ng kaniyang karanasan sa pananaliksik sa kasaysayan ng ketong at kung paano nagkakatulad at nagkakaiba ang pagtugon dito ng Timog Silangang Asya sa panahon ng kolonya-

lismo; at ang kontribusyon na “Pag-aaral ng Rehiyonalismo sa Timog Silangang Asya (2019a)” ni Adonis Elumbre na tumalakay sa kaniyang pag-aaral sa Malaysia.

Kung gayon ang lakbay-kabanwahan ay isang paraan ng pagbawi at pagpapatingkad sa pananaw ng mga Pilipino sa paglalakbay. Malinaw itong ipinaliwanag ni Elumbre (2019b):

Sa konteksto ng panggingibang-bayan, hindi lamang ito travelogue o simpleng pagtalala ng personal na karanasan sa paglalakbay at pananatili sa ibang lupalop. Nakapaloob sa proseso ng pagdadalumat ang malay na pagbibigay-kahulugan at pagbibigay-kabuluhan sa mismong karanasan bilang iskolar sa ibayong dagat. Dito nalilinaw ang kapookan ng mag-aaral at mananaliksik: inilalahad niya ang kaniyang kamalayan at paninindigan sa konteksto ng pag-aaral at pananaliksik habang nanggingibang-bayan (Elumbre 2019b, 8-9).

Gayunpaman, sa diwa ng lakbay-kabanwahan, maitutuo lamang dito ang mga akademikong paglalakbay at hindi ang “simpleng pagtatala” ng personal na karanasan. Idiniin sa lakbay-kabanwahan ang metodolohiya na bagaman nasa magkaibang antas lang ng pag-aaral, hindi nagkaka-tunggali ang isinusulong kong uri ng paglalakbay. Sa halip, gamit ang tinungtungang lakbay-kabanwahan, papapasokin o ipasasaklaw ko ang lahat ng mga akda, anomang anyo nito –personal na sanaysay, pagtatala ng karanasan, akademikong pananaliksik, at mga kaugnay bilang bahagi ng Araling Pangmanlalakbay lalo pa’t ibayong dagat pa rin naman ang pinapaksa at tuon sa usapin ng paglalakbay basta’t nasa wikang F/Pilipino.

Araling Pangmanlalakbay sa Diwa ng Araling Kabanwahan

Naging tungtungan ng pagdalumat na ito ang Araling Kabanwahan upang iugnay at ilapat ang diskursong paglalakbay sa ibayong dagat. Pag-aaral ng mga banwa ang tuon ng Araling Kabanwahan. Nagugat ito sa salitang “banwa” na ang ibig sabihin ay bayan. Masusumpungan ang banwa bilang bahagi ng malawak na talasalitaang Austronesyano na matatagpuan sa mga bansa at/o islang bansa sa Asya-Pasipiko. Makikita halimbawa sa mga pagkawaring pampamayanan ng Bugis sa Sulawesi, Indonesia ang wanua = lupa/teritoryo o bansa/bayan; benua ng Malay = kontinente; whenua = lupa/teritoryo sa Vanuatu at Maori, New Zealand; at banu[v]a = lupa/teritoryo o pamayanan [Sa Indonesia parti-

kular ng Toba Batak banua' = lupa/teritoryo; sa Malay benua' = kontinente; sa Melanesia katulad ng Fiji vanua', Samoa henua' = lupa/teritoryo o pamayanan; sa Polynesia katulad ng Tonga fonu' = lupa/teritoryo; Futuna fenua' = lupa/teritoryo o bansa/bayan; at Samoa fanua' = lupa/teritoryo] (Salazar 2006; tingnan din, Villan 2015, 90; Navarro 2019c).

Mahaba ang naging pag-unlad ng Araling Kabanwahan sa historiograpiyang Pilipino. Kinapalooban ang Araling Kabanwahan ng Kasaysayang Kabanwahan. Ang Araling Kabanwahan ay unang binuo sa Departamento ng Kasaysayan, U.P. Diliman (Salazar 2000c). Araling Pang-erya ang naging unang katawagan para sa Araling Kabanwahan na siyang nilinang, binago, at pinagyaman nina Zeus Salazar at Clemen Aquino noong 1989-1992 bilang malawakang inisyatiba na maging patakaran sa U.P. Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya (DAPP). Hindi lamang ito simpleng pagbabago ng pangalan ngunit pagbabago rin sa pananaw (Navarro 2019c). Binago lamang at pinanatili ng U.P. Departamento ng Kasaysayan ang Araling Kabanwahan hanggang sa nawala ang Araling Pang-erya dulot ng pagbabago sa administrasyon sa unibersidad (Salazar 2000c, 169).

Isinulong nina Salazar ang malawakang paggamit sa Araling Kabanwahan bilang sangay ng historiograpiyang Pilipino. Hinahati-hati ng mga propesor ang kanilang pag-aaral sa Araling Kabanwahan ayon sa kanilang interes o ispesyalisasyong bansa. Tuwiran nilang inaral halimbawa ang Timog Silangang Asya (maritimo at mainland); Silangang Asya (Tsina, Korea, at Hapon); Europa; Hilagang Amerika (Estados Unidos, Karibyano, at Meso-Amerika); at Latin Amerika. Pinagyabong ito ni Salazar kasama sina Jaime Veneracion, Wilfredo Tamayo, at Elizabeth Pastores (Navarro 2015a, 253-254).

Ang lahat ng kogneyt at kahulugan o pangkabuoang kabanwahan ay tumutukoy din bilang isang agham ng pakikipag-ugnay, pakikipagtalastasan sa mga bansa't ibang etnisidad at sosyo-politikal na ang primaryang gawain at kaligayahan ay pag-aralan ang mga bansa na batid kung alin sa kanila ang mga tinatawag na mga kapwa-bansa o hindi kapwa-bansa o iba pa nga't mga bansa (Salazar 2006, 166). Itinatakda ng paggamit ng banwa at pangmaramihan at/o plural na anyo nitong kabanwahan ang pagkilala sa kahalagahan ng paggamit ng mga Pilipinong dalumat sa pagpapakahulugan sa mga kaugnay na kabuoan at/o ibang kabuoan, hindi kabuoan bilang mapanlahat na pagkakatulad kundi kabuoang nagmumula sa pag-unawa sa mga pagkakaugnay at pag-uugnay (Navarro 2012, 3-4; Navarro 2015a, 253).

Sa tinuran ni Navarro, tumutukoy ang Araling Kabanwahan sa mga pag-aaral, pagsusuri, o pag-unawa sa mga kaugnay na bayan at/o ibang bayan at kabihasanan at/o ibang kabihasanan sa loob ng talastasang Pilipino. Hindi lamang tuon ng pag-aaral na ito ang bayan at/o ibang bayan at kabihasanan at/o ibang kabihasanan bilang erya ng pagsisiyasat ngunit saklaw din nito ang pag-aaral tungkol sa diplomasya, migrasyon, at ugnayang panlabas ng Pilipinas sa ibang bayan at/o ibang kabihasanan (Navarro 2012, 4). Sa paggamit ng banwa at ibang anyo nito, makikita ang mga pagkakaugnay/pag-uugnay ng sariling kabuoan sa mga kaugnay na kabuoan at/o ibang kabuoan. Dahil saklaw ng Araling Kabanwahan ang malawak na konstruksyon ng banwa bilang isang matanda at laganap na konseptong pampamayanan sa mundong Austronesyano, hinango na rin nito ang kaniyang pagpupunyaging kailangan nang buoin ang isang nag-sasariling talastasan ukol sa mga kabihasang labas sa pananaw ng mga Pilipino ngunit kinakailangang nag-aangkin ito ng kabuluhan para sa paglilinaw ng pagkakapook sa kaayosang internasyonal ng Pilipinas.

Tunguhin din ng Araling Kabanwahan ang mabisang pagkilala ng mga Pilipino sa kaniyang pagkaPilipino sa pagdalumat ng mga kaalamang magpapatunay sa ating pagkakatulad at/o pagkakaiba sa mga kaugnay at/o ibang kabihasanan (Elumbre 2015a, 275). Sa madaling salita, nanginngibabaw sa layunin ng Araling Kabanwahan ang pag-aaral sa mga ugnayan o relasyong panlabas at samo't saring pag-aaral na maaaring saliksikin ng isang Pilipino (batay sa kaniyang punto-de-vista) at kung paano siya nakipag-ugnay o patuloy na nakikipag-ugnay sa mga karatig bayan. Kaya't dito sisibol ang kapookang Pilipino sa kabila ng paghahari sa mahabang panahon ng Southeast Asian Studies bilang bahagi ng Area Studies at Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) Studies bilang bahagi ng Regional o Regionalism Studies na ibinunga lamang ng Kanluran sa kanilang interes sa Asya (Navarro 2015b, 139; Elumbre 2015b).

Kontra-diskurso ang layunin laban sa perspektibong di-maka-Asya o di-makaPilipino na epistemolohikong itaguyod ang pananaw at wikang F/Pilipino upang maunawaan ang iba't ibang bayan sa labas ng Pilipinas (Elumbre 2019b, 9-10). Trinatrabaho halimbawa ng Araling Kabanwahan at Kasaysayang Kabanwahan na solusyonan ang pagbawing ito. Payak na nakatuon halimbawa ang Araling Timog Silangang Asya bilang kabaliktaran ng SEA Studies na problematikong tumuon at tiningnan ang Timog Silangang Asya bilang ekstensiyon at tagatanggap lamang ng mga naghaharing sibilisasyon: Islamization, Sinicization, at Indianization (Navarro 2015b, 139). Kaya't ang Araling Timog Silangang Asya ay

masasabing nagtaas sa diskursong tagapag-ambag din ang Timog Silangang Asya sa kabihasang pandaigdig. Samantala, itinuon naman ng Araling ASEAN ang kontra-diskurso nito sa ASEAN Studies na itanghal ang taumbayan sa rehiyon na bagaman hindi rin ito nangangahulugang hindi papaksain ang relasyong estado-sa-estado at nasyon-sa-nasyon, tatalakayin naman ang implikasyon nito sa mamamayang Timog Silangang Asya (Navarro 2015b, 140-141).

Sa pamamagitan ng dalumat ng Araling Kabanwahan, sinubukan kong luminang ng isang sub-dalumat mula rito na tutuon o may direktang kinalaman sa inisyatiba, pananaw, at ideyang kaugnay ang paglalakbay. Tinawag ko ito bilang Araling Pangmanlalakbay (AP). Mula ito sa inangking konsepto ng Travel Studies na isang pag-aaral na tumutuon sa usapin ng paglalakbay ng isang tao o grupo ng mga taong nagsasagawa nito. Dahil sa isang “unibersal” o Kanluraning konsepto at disiplina ang Travel Studies na bumatay sa sariling pag-aapuhap ng kaalamang mayroong kinalaman para sa kanila’y paglalakbay at may sariling metodo, pagpapahalaga, at pangangailangan. Taliwas ito sa isinusulong kong AP sa diwa ng Araling Kabanwahan na nakasalig pa rin sa pangkabuoang kalinangan ng mga Pilipino. Sa ngayon, ang AP ay:

sumasaklaw sa samo’t saring pananaw at pamamaraan ng pagpapahalaga, pagsasalaysay, at pag-aaral na may direktang tuon sa paglalakbay na kagyat na ilalapat sa anomang babasahin, kaugnay na gawain, at katuturang pangmanlalakbay na may pagtatangkang ugnayin at/o pag-ugnay-ugnayin ang kapookan, kasaysayan ng mga Pilipino at ibang bayan gamit ang kaisipan, wika, at perspektibong naaangkop sa talastasang F/Pilipino (nirebisa, Tugano 2022a, 101).

Araling Pangmanlalakbay bilang Kontra-Diskurso ng Travel Studies

Naging tungtungan ng pagdalumat na ito ang Araling Kabanwahan kaya’t ipinapanukala kong may kaibahan ng tunguhin ang TS at AP (tingnan ang Dayagramo 2). Kapwa nakatuon sa usaping pangmanlalakbay ang TS at AP ngunit may kaibahan ito sa iba’t ibang salik. Una, ang mga taong naglalakbay at sumusulat ng kanilang karanasan dulot ng paglalakbay. Hinati ko sa tatlo ang mga kalahok sa TS –(1) Pilipinong naglalakbay sa ibang bansa (na sumulat sa wikang banyaga) at katulad ng (2) mga banyagang naglalakbay sa Pilipinas at (3) banyagang naglalakbay sa iba pang banyagang bansa. Bagaman may pagtatampok pa rin sa pagkataong Pilipino ang unang uri at karamihan pa nga’y tumutuligsa sa akdang pangmanlalakbay ng mga banyaga, nanatili pa rin sa kanila ang

Dayagramo 2

Kaibahan ng Travel Studies at Araling Pangmanlalakbay

Mga Salik	Travel Studies	Araling Pangmanlalakbay
tao (mga naglalakbay)	<ul style="list-style-type: none"> • Pilipinong naglalakbay sa ibang bansa • banyagang naglalakbay sa Pilipinas • banyagang naglalakbay sa iba pang banyagang bansa 	<ul style="list-style-type: none"> • Pilipinong naglalakbay sa ibang bansa (at sa loob ng bansa)
tuntungang disiplina tuon	Area Studies ibang bansa/anomang bansa	Araling Kabanwahan ibayong dagat (mga kaugnay at pag-uugnay sa sangkaPilipinuhan)
wika	banyaga	F/Pilipino
kinakausap	mga ibang banyaga at Pilipinong nakakaunawa ng wikang banyaga	kapwa F/Pilipino
paraan	<ul style="list-style-type: none"> • pagtatala ng paglalakbay • pagsusuri ng akdang pangmanlalakbay • pagsasalín mula sa wikang banyaga tungo sa isa pang wikang banyaga (i.e. Pranses tungong Ingles) 	<ul style="list-style-type: none"> • pagtatala ng paglalakbay sa pananaw at wikang F/Pilipino • pagsusuri ng akdang pangmanlalakbay sa pananaw at wikang F/Pilipino • pagsasalín tungo sa wikang F/Pilipino

(Tugano 2022)

pakikipag-usap gamit ang wika ng kanilang tinutuligsa. Samakatuwid, nakapaloob sa TS ang lahat ng binanggit kong akdang pangmanlalakbay ng mga Tsino, Espanyol at iba pang Europeo, Amerikano, Hapones, at mga Pilipinong may pagtatangkang kausapin ang lahat ng mga nabanggit.

Samantala, tumungtong ang TS bilang ahente ng Area Studies na may layuning mapag-aralan ang ibang bansa at lipunang labas sa kanilang nasasakopan. Hindi na bago sa Kanluran ang ganitong taktika – gaya ng nabanggit na, kinasangkapan ito sa panahon ng makabagong digmaan (Cold War) upang mapaghandaan at matingnan ang pangangailangan ng mga bansang tinawag pa nilang “Third World.” Nanguna rito ang Estados Unidos na kaliwa’t kanang bumuo ng mga Area Studies na kinasangkapan upang mapigilan ang paglaganap ng komunismo sa Timog Silangang Asya –na kalaona’y ang itinalagang “rehiyon” ay lalawak tungo sa paggrugrupo sa mga bansa, gaya ng ASEAN Enlargement (Elumbre 2019a, 116). Kaya’t sa aking palagay, ekstensiyon ang TS upang “muling makita” ng Kanluran ang naging paglalakbay sa Silangan ng kanilang mga ninuno na minsan na nilang narating at nabigyan ng kung anu-anong mga obserbasyon. At dahil malamang karamihan sa mga banyagang naglalakbay sa Pilipinas o di kaya’y mga banyagang naglalakbay sa iba pang banyagang bansa ay tinitingnan ang anomang bansang pinupuntahan bilang isang “area,” na kanilang pag-aaralan na taliwas sa “pambansang adhikain at mithiin” ng mga mamamayan nito (i.e. Philippine Stu-

dies bilang Area Studies, Salazar 1998, 313-317). Iba pa siyempre ang kaso ng mga Pilipinong nagsulat ukol sa kanilang paglalakbay sa wikang banyaga katulad nina Rizal sa harap ng mga Espanyol at Bulosan, Villa, Santos, at iba pa sa harap naman ng mga Amerikano –na upang makalikha sa Espanyol o Amerikanong Ingles, kakailanganin munang maging Espanyol o Amerikano upang makamit ang minimithing pagkaPilipino (Salazar 2000b, 64). Higit pa rito, bagaman tinutuligsa nga ng ilang Pilipino ang mga travelogue at travel book ng mga dayuhan ukol sa Pilipinas o sa Silangan, kailangan pa rin nilang mapatunayan sa harap ng mga dayuhan (gamit ang wikang dayuhan) na “ito ang paglalakbay ko... namin bilang isang/mga Pilipino.” Nabibigyan pa tuloy ng ideya at pagkakataon ang isang banyaga na malaman ang pananaw ng isang Pilipino hinggil sa ating mga naging paglalakbay, gayong hindi naman ipinaalam sa atin ng mga dayuhang ito ang kanilang naging paglalakbay sa Pilipinas at kung paano nila inilarawan at nilait ang mga Pilipino sa kanilang paglalakbay.

Ito ang tunguhin ng mga dyornal sa Kanluran na kumakanlong sa TS –pinag-aaralan o di kaya’y inilalayo ang “kapookan” (ng mga Asyang paglalakbay) sa mismong lipunang dapat kinakausap nito at sa halip ay ipinaliwanag pa sa Kanluran at sa wikang Kanluran. Halimbawa, gaya ng nabanggit kong si Pandita Ramabai ng India, kailangan din maitampok ang naging paglalakbay ng feministang taga-Bangladesh na si Abala Bose (1864-1951). Ipinaglaban niya ang karapatan ng kababaihan at kabataan sa kaniyang mga sulating paglalakbay. Sa wikang Bengali (ibig sabihin may layuning kausapin ang kababayan), isinulat niya ang kaniyang paglalakbay sa Inglatera (*England Bharaman* noong 1897-1898); sa Italya (*Italy Bharaman* noong 1901); sa Amerika (*America Balakbalikader Katha* noong 1908); at sa Japan (*Japan Bharaman* noong 1915) (Chakraborty 2020, 55). Ngunit ngayong 2021, sinuri at pinag-aaralan sa TS na nasa wikang Ingles ang mga naging paglalakbay ni Bose (Bhattacharya 2021) –na kung ihahambing sa kaso ng mga Pilipinong naglalakbay at nagsusulat sa wikang Ingles, tila kailangan munang ipaalam sa banyaga ang mga naging paglalakbay na ito, bago pa man maiparating sa mga kapwa Pilipino.

Kaya’t ang Araling Pangmanlalakbay ay naglalayong mag-ulat at maglahad ng kanilang karanasan sa paglalakbay hindi lamang bilang isang “ibang bansa” ngunit bilang isang “ibayong dagat” o “kapwa bansa” na naglalayong maitampok ang kaugnayan ng isang Pilipino, isang bansang inangkin ng mga Pilipino sa pananaw, katuturan, at sa wikang nauunawaan ng kaniyang kapwa Pilipino sa Pilipinas.

Hinggil naman sa mga paraan ng pag-aaral ng TS, mas kinaka-usap talaga ng mga banyagang ito ang kanilang kapwa o kung hindi man, mga kapwa banyagang may alam din sa kanilang wika. Halimbawa, kung ang isang Aleman na manunulat ay nagtangkang magsalin ng akdang pangmanlalakbay na naisulat noon ng isang Pranses kung saan inilalarawan ng huli ang kaniyang naging paglalakbay at obserbasyon sa Pilipinas. Makikinabang dito ang Alemang iyon dahil bukod sa sariling wika, dalubhasa rin (pala) siya sa wikang Pranses. Kaya't maisasalin niya ang nasabing akda mula sa wikang Pranses patungo sa sariling wikang Aleman (sariling kapakinabangan). Mapag-iiwanan sa talastasan ang mga Pilipino (na silang naging tila "palamuti" at paksa). Katulad ito ng naging paglalakbay ng Hapong si Nitobe Inazo (1943 at 1969) sa Pilipinas na sumulat ng paglalakbay sa wikang Nihongo habang nakapagbasa ng mga akdang pangmanlalakbay ng mga Amerikanong sina Dean Worcester at Carl Crow at Alemang si Fedor Jagor (Yu-Jose 1992, 30). Samakatuwid ang mga kolonyal na travelogue na umiigting pa rin sa kasalukuyang anyo ng TS ay nakaangkla sa pagsasalin mula sa wikang banyaga tungo sa isa pang wikang banyaga. Gaya ito ng naging pagsasalin ni Otto van den Muijzenberg (2016) mula wikang Holandes tungong Ingles (wikang banyaga-sawikang banyaga) hinggil sa mga naging paglalakbay ng ilang Holandes sa Pilipinas noong maagang bahagi ng dantaon 20. Kaya't inaampon ng AP ang pagsasalin sa anomang akdang pangmanlalakbay tungo sa wikang F/Pilipino. Katulad ito ng haraya at hangarin ni Salazar na maisaPilipino ang mga babasahing nakapaloob at/o tungkol sa Pilipinas (Salazar 1991, 82-83; Santos 2019, 8). Dito ko nakita ang kahalagahan halimbawa ng proyekto ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na Aklat ng Bayan kung saan nilalayan nitong isalin sa/mga wikang F/Pilipino ang mga banyagang akda. Sa aking pagtaya, ang maituturing kong ilan sa mga ambag sa panimulang pagpupunla ng AP ay ang salin ni Phillip Yerro Kimpo sa akdang pangmanlalakbay ni Antonio Pigafetta. Isinulat at isinalin ito sa ilalim ng pamagat na *Unang Paglalayag Paikot ng Daigdig* (2017) at gayundin hinggil sa paglalakbay ni Carlos Bulosan sa Amerika –*Nasa Puso ang Amerika* (1993) ni Carolina Malay at Paula Carolina Malay. Makikita ang mga ganitong pagsasalin bilang paraan ng AP upang maitawid at pag-ugnayin ang Pilipinas at ibang bayan gamit ang wika, pagpapahalaga, at sariling pananaw sa talastasang F/Pilipino.

Katulad ng nasa TS, sinasaklaw din ng AP ang pagsusuri, pagsusulat o pagtatala tungkol sa paglalakbay ng ibang tao. Hinihikayat ng AP na maitala ang mga naging paglalakbay ng isang indibidwal na mayroong

mahalagang papel sa pagsusulong ng lipunang Pilipino. Liban sa paksang kaugnay kay Rizal (na kilalang manlalakbay), maaari ring saliksikin ang iba pang paglalakbay ng Pilipino sa agos ng kasaysayan –gaya ng mga eksilo (Asis 1999); mga iskolar (de Leon-Bolinao 1993, Elumbre at Navarro 2019); manunulat, siyentista, arkeologo, aktibista, mamamahayag o dyornalistang Pilipinong naglalakbay, maging ang mga tampok na taohan sa lumang panitikang bayan bago dumating ang mga Espanyol na mayroong kinalaman sa paglalakbay; mga OFW na sana’y hindi lamang laman ng mga “alyas,” istadistika, at bilang “datos” –kundi maging sa pagtatampok ng kasaysayang buhay at pakikibaka sa paglalakbay. Ganito rin naman talaga ang mga paksa sa TS. Kanilang sinusuri ang naging paglalakbay ng kanilang mga ninunong misyonero, adbenturero, kolonisador, kapitan, kosmograper, astronomer, siyentista, at iba pa –na pawang bitbit ang bagaheng kaisipang kolonyal. Sa pagbasa, higit nilang sinuri ang “pananaw ng mga kapwa-banyaga” hinggil sa kanilang mga nilakbay, i.e. sa “Oriente.” Bilang kontra-diskurso, liban sa pagsasalín, hanapin ang lugar ng “Pilipinong paglalakbay” sa mga akdang ito ng banyaga hinggil sa atin –halimbawa, sa halip na ituon sa “Paglalakbay ni Jagor, Worcester, o iba pa sa Pilipinas,” maaaring gawing “Ang Paglalakbay ni Juan dela Cruz sa Bayan ni Jagor.” Sa halip na “Nasa Puso ang Amerika,” bakit hindi sumulat ang isang Pilipinong manlalakbay ng “Nasa Puso ang Pilipinas Habang Nasa Thailand, Australia, Italy,” o kung saanman. At higit sa lahat, ang pagpapalawig ng pagsusulat ng sariling paglalakbay na tila dito kapos ang TS at may kalamangan ang mga Pilipino kung nagkataon, dahil halos limitado ang pagpapaksa ng TS hinggil sa kanilang “sariling paglalakbay.” Samakatuwid, Pilipino ang isinesentro sa mga paglalakbay na ito.

Maaari ring angkinin ang metodo ng TS tungo sa AP na may kinalaman sa panayam. Ito ay yaong pagpupublica ng verbatim transcription sa pagitan ng mga mananaliksik at kinapanayam na manlalakbay. Sa direksiyon ng Kanluran kung saan lumaganap ang Kuwentong Buhay sa pananaliksik kaugnay ng paglitaw ng kasaysayang pasalita, feminismo, at postmodernismo, na pare-parehong interesado sa buhay ng mga pangkaraniwang tao (Aquino 2006, 390, 393, 395, sipi kay Santos 2022, 97). Kung tutuosin, batis din ito hinggil sa Kasaysayang Buhay ng isang tao (o ng iskolar halimbawa) –na bihira namang makilala ang personal na buhay o personal na danas sa isang akademikong pananaliksik. Bagaman nagmula sa Kanluran ang konsepto ng interbyu o panayam na kinakailangan nitong sumunod sa istrukturadong mga katanungan, etika, at pagrerekord ng mga awdiyo sa tuwing isinasagawa ito, inaangkin na rin

ng mga Pilipino ang ganitong lapit. Mas angkop na tawagin ang ganitong sistema na nakabatay sa ating kultura bilang pakikipagkuwentuhan, pagpapakuwento, at ibang plural na anyo nito, halimbawa yaong mga pinagyaman ng Sikolohiyang Pilipino (Santiago at Enriquez 1982; de Vera 1982; Orteza 1997; Aquino 1999; Aquino 2006). Sa pagdalumat ng ganitong metodo sa ilalim ng TS, istrukturado ang lahat ng naisagawang panayam o pag-aaral na may kaugnayan sa paglalakbay (tingnan, Bassnett 1999; Borm 2001; Abdullah 2006; Hindson 2007; Hulme 2011; Youngs 2002; Youngs 2005a; Youngs 2005b). Maaari rin naman itong angkinin ng AP lalo pa't kung ang kakausaping manlalakbay ay may makabuluhang karanasan at ambag sa paglilining ng kaalaman. Halimbawa bakit hindi itala ang “personal na paglalakbay” ni Salazar na labas sa kaniyang pagiging “Ama ng Pantayong Pananaw” bagkus bilang isang manlalakbay—dahil bukod sa pagtatala ito ng Kasaysayang Buhay, masusuri natin ang epekto na idinulot sa kaniya ng kapaligirang Europa sa loob ng higit isang dekada. Gayundin na sana’y maitala sa wikang F/Pilipino ang samo’t saring buhay-paglalakbay nina Cristina Pantoja-Hidalgo, Dominador Buhain, Gideon Lasco, Gregorio Brillantes, at iba pa.

Liban sa metodong pakikipagkuwentuhan at pagpapakuwento, pinapahalagahan din sa paglalakbay ang pagmamasid, pag-oobserba, pagsusuruy-suroy, at iba pa. Isang halimbawa ng mga pag-aaral na gumamit sa ganitong metodo ay sina Dagli (2013) nang kaniyang dinalumat ang “pamamaybay” o paglakad-lakad upang mapag-aralan ang Bundok Bana-haw at Pama (2014) sa kaniyang “paagi-agi” o padaan-daan at palakad-lakad upang makakuha ng organikong kaalaman. Ang ganitong kambal na metodo ng pakikipagkuwentuhan at pag-oobserba sa paglalakbay ay nabigyan ng komendasyon ng historyador na si Dr. Vicente Villan ng UP Diliman. Aniya:

...itinampok sa papel ang nauukol sa ginawang pagdalumat ng ugnayang panlabas ng Pilipinas sa larang ng panlipunang pakikipag-ugnayang di-saklaw ng pormal na relasyong estado-sa-estado. Ibig sabihin, ang tungkol sa malayang daloy ng tao na resulta ng ugnayan ng huli at itinuring ng may-akda bilang mainam na metodolohiya para sa pagtalunton ng kasaysayan ng dinayong pook at direktang pagkakataon para sa pananaliksik na sipatin ang kanilang organikong kultura. Binigyang-diin ng may-akda na sa ganitong pamamaraan, naging mahalaga ang personal na danas ng mananaliksik hindi lang para sa kaniyang tuwirang pagkatuto, kundi maging sa maibabahagi nitong kaalaman sa pinagmulan o tinu-boang-bayan (Villan 2021b, 12-13).

Pinagpapatuloy na Ambag sa Araling Pangmanlalakbay

Malinaw ang pagbuo at pagpapapasok ko sa diskurso ng Araling Pangmanlalakbay ay dulot ng aking ingklynasyon sa paglalakbay –kadala-sang sa anyo ng pagiging backpacker. Isa rin ang backpacker sa mga paksang hindi pa rin napapalawig sa talastasang Pilipino, gaya ng mga nagmomotor sa paglalakbay, nagbibisikleta, naglalakad, at iba pa ay kailangngang pagyamanin sa hinaharap. Gayunpaman, nasa anyo pa rin ng akademikong pananaliksik ang aking paglalakbay at hindi pa roon nakakapasok sa “personal na pagkukuwento” gaya ng ilang manlalakbay. Inspirado ako sa naging paglalakbay ng ilang kilala kong iskolar (Ocampo 2011; Ocampo 2019; Navarro at Tatel 2012; Navarro 2015c; Victoria 2015) na hindi ako nakasisigurado kung sila ay malay o di-malay at/o nasa isip kaya nila na sila ay “naglalakbay” habang nagsagawa ng ganitong pananaliksik. Ang ganitong puwang (gap) sa pagitan ng pagtatagpo at/o paghihiwalay ng paglalakbay at etnograpiya halimbawa ay maaaring maipaliwanag sa mga susunod na pag-aaral sa hinaharap.

Sa katayoan ngayon ng Araling Pangmanlalakbay, sinisikap na mapagyaman ito sa iba’t ibang naisagawang pag-aaral. Halimbawa, itina-mpok ko sa akdang “Mga Gunita sa Aking Paglalakbay (2014-2018): Naratibo ng Overseas Filipino Workers sa Timog Silangang Asya at Europa (Tugano 2021),” ang pagpapahalaga sa ilang migranteng manggagawang Pilipinong nakasama at nakakuwentuhan sa aking paglalakbay, partikular na sa mga bansang Brunei Darussalam, Cambodia, Malaysia, Singapore, at Spain –na noo’y sa pelikula ko lamang napapanood (Tugano 2021a; Tugano 2021e). Gayundin ang ipinawaging sanaysay sa KWF na “Wikang Filipino Tungo sa Kaunawaan at Kakanyahang Asyano: Gunita ng Isang Pilipinong Manlalakbay sa mga Pronterang Timog Silangang Asya (Tugano 2021f)” na nagtanghal sa usaping pangwika ng mga nakahalubilo kong Thai-Cambodian, Lao, at mga Pilipinong nasa Sabah, Borneo, at sa kung paano ito mailalapat o maiuugnay sa usaping pangwika at pang-identidad nating mga Pilipino.

Nagpaksa rin ako ng ilang kulturang materyal na aking nakita at napansin sa ibayong dagat. Sa halip na ito’y kuhanan lamang ng larawan, bakit hindi ipasok sa diskurso ang mga bagay-bagay na ating nakukuha sa paglalakbay. Sa artikulong Ang “Museolohiya sa Representasyon ng Identidad: Panimulang Paglalapit mula Ibayong Dagat tungong Araling Pilipino (Tugano 2021g),” aking pahapyaw na naipakita ang obserbasyon sa mga museo sa ibayong dagat at sa kung paano ito naiiba o nagkakatulad

sa Pilipinas. Magiging espesipiko ito sa akdang “Sa Repositoryo ng mga Kulturang Materyal: Personal na Tala ng Paglalakbay Ukol sa mga Museo sa Ibayong Dagat ng Asya-Pasipiko at Europa (Tugano 2022b).” Liban sa museo, nahilig din ako sa pagpunta sa mga Pilipinong espasyo gaya ng monumento ni Rizal, restawran, at pamilihing Pilipino. Ang paksang ito ay nagdala sa akin upang aralin at gunitain ang naging paglalakbay sa Australia noong 2016 at 2020. Iniluwal nito ang mga akdang “Pagsasa-espasyo at Pagpopook sa mga Pagkaing Pilipino sa New South Wales, Australia (Tugano 2022c)” at “Mga Bantayog ni Jose Rizal sa New South Wales, Australia at Pagtatakda ng mga Espasyong Pilipino (Tugano 2022d),” na noo’y nagsimula lamang sa isang maikling artikulo hinggil sa ugnayan ng Pilipinas at Australia – “Ugnayang Australia at Pilipinas: Mga Natatanging Gunita ng Diaspora at Rebolusyong Pilipino (Tugano 2020a).” Gayundin ang mga akdang “Paglapat ng Istorya sa Dalumat ng Ugnayang Pilipinas at mga Asyanong Bansa (Tugano 2018)” at “Isang Pag-uugat sa Ugnayan ng Nepal at Pilipinas (Tugano 2021h)” –isang bagay na nagtulak sa akin upang gunitain ang aking paglalakbay sa Nepal.

Sa aking mga naging paglalakbay, kasa-kasama ko ang lansangan. Mula sa mga karanasan sa espasyong ito, nakapagluwal ng ilang pag-aaral –halimbawa, ang mga natikmang pagkain sa Timog Silangang Asya ay naisakasaysayan sa “Panimulang Pagbabalangkas sa Ugnayan/Pagkaka-ugnay ng Panlasang Kapilipinuhan sa mga Piling Pagkaing Natikman sa Ibayong Dagat ng Timog Silangang Asya (Tugano 2021i).” Gayundin ang aking ingklinasyon sa pagsilip at pagmemorya sa mga bayaning nakamarka sa banyagang perang nagamit sa paglalakbay. Sa artikulong “Numismatikong Pag-aaral sa Kababaihan sa mga Salaping Pilipino at Indones sa Panahong Post-Kolonyal: Isang Panimulang Paghahambing (Tugano 2021k)” ay naisulat upang sagotin ang pagkakatanggal sa mukha ng mga bayaning nasa 1,000 piso perang Pilipino, lalo na si Josefa Llanes-Escoda na isang babae. Mataas din ang aking ingklinasyon sa pagsasaakademiko ng mga naging paglalakbay sa Indonesia. Sa paglalakbay ko nakilala ang buhay ng mga bayaning Indones na sina Imam Bondjol (Tugano 2019) at Raden Adjeng Kartini (Tugano 2022e) na kapwa nakilala sa lansangan ng Indonesia na nakapukaw ng aking atensiyong “Sino Sila?” –lalo pa’t ang huli ay nasaksihan ko ang selebrasyon hinggil sa kaniya noong Abril 2018. Gayundin ang usaping transportasyon na naging tuon ng akdang “Ang Manila Boy sa Lansangan ng Asya: Naratibong Ulat Tungkol sa Pamublikong Transportasyon sa Timog Silangang Asya (Tugano 2021j);” “Kasaklawan ng Diskursong Panturismo sa Pilipinas:

Isang Pundamental na Analisis sa Paglalakbay (Tugano 2022f);” at “Ang Krimen sa Paglalakbay: Karanasan at Pagpapakaranasan (Tugano 2022g).” Nagkaroon din ng pagkakataong makakuwentuhan ang ilang indibidwal na nagbahagi ng kaalaman ukol sa relihiyon katulad ng Hinduismo, Islam, Buddhismo, Kristiyanismo at Katolisismo. Ito ang nilalaman ng akdang “Ang Identidad ng Relihiyon, Ang Relihiyon ng Identidad: Isang Anekdotikal na Tala Bilang Manlalakbay sa Timog Silangang Asya (Tugano 2022a).”

Malaki ang pagpapahalaga ng kulturang Pilipino sa diwa ng sariling danas, danas ng iba, at karanasan sa plural na anyo nito (Tugano 2021b, 377-378). Kaya’t sa nabanggit kong mga pag-aaral, nagtulak ito upang hawanin ang landas na itampok ang pagpapatala ng mga akdang pangmanlalakbay mula sa iba’t ibang tao. Kung minsan ang karanasan sa paglalakbay na batbat ng pakikihamok ay nagiging sandigan o tuntungan ng ating paninindigan. Maisisipi sa teologong si Jose de Mesa (2017) na ang karanasan o pagpapakaranasan ay isang subhektibong pagtingin, interpretasyon, o pagpapakahulugan sa obhektibong realidad sa kaniyang mga pandama. Samakatuwid, ang karanasan ng iba ay makapagbibigay ng aral, inspirasyon, o maging babala sa karanasan ng sarili (de Mesa 2017, 10-11). Natuto ako sa aking mga naging paglalakbay. Gayundin, ang ibang mga Pilipino, naglalakbay at natututo rin at garantisadong kapupulotan natin ng aral ang kanilang mga karanasan. Matutunghayan ngayon ang pagpapakilala sa mga tinipong natatanging talang paglalakbay upang pagyamanin ang literaturang kakanlong sa “Pilipinong paglalakbay.”

IKALIMANG BAHAGI

Pag-uugnay at Pagpapahalaga sa mga Ambag Tungo sa Pilipinong Paglalakbay sa Iba’t Ibang Paksa

Sa ipinakitang pabalat ng aklat, larawan ng paglalakbay ang isla (sumasagisag sa banwa o bayan) at bangka (sumasagisag naman sa layag). Ang mga kontribyutor ay naglayag sa iba’t ibang bahagi ng mundo upang mangalap ng natatanging karunungan at muling babalik sa sariling banwa upang maibahagi ito. Ang bangka ay nagkakaroon ng tuwid na direksiyon dahil sa katig na responsable sa pagkabalanse ng sasakyang pandagat upang hindi lumubog at lamunin ng mga naglalakihang alon dulot ng samo’t saring balakid gaya ng malalakas na hangin o nagagalit na bagyo. Gayundin ang angklang itinatanim sa kailimang lupa ng karagatan upang hindi tangayin mula sa isla ang bangka. Senyales ito ng pananatili at pagbabalik mula sa mga sakripisyong pinagdaanan sa paglalakbay.

Maraming mukha, katangian, at kaantasan ang Pilipinong paglalakbay. Ito ang sinikap ng aklat upang makita ang iba't ibang anggulo ng mga Pilipinong paglalakbay. Malaya at mapagpalaya ang Pilipinong paglalakbay, naging malaya rin ang bawat kontribyutor sa pipiliing paksa, paninindigan, at perspektibo. Nagmula sila sa iba't ibang pananaw at hanay: mayroong mga guro o propesor, mananaliksik, iskolar, historyador, mamamahayag, manggagawa o OFW, relihiyoso, misyonero, isang magulang, antropologo, mag-aaral, bolunter, diplomat at embahador, abogado, ordinaryong manlalakbay, at iba pa. Sa kanilang mga piniling paksa, garantisadong makapag-aambag sila sa pagbubuo ng talastasan at kapakinabangang Pilipino. Bagaman upang mas maging madali ang paghahanay sa kanilang mga akda sa bahagi ng "Talaan ng mga Nilalaman," minabuti kong hatiin ang kanilang mga ambag batay sa pinaksang rehiyon. Samantala, nasakop ng buong aklat ang talang paglalakbay ng mga Pilipino sa iba't ibang kontinente: Asya, Europa, Hilaga at Timog Amerika, Aprika, at Australya at Pasipiko. Ngunit, sa pagpapakilalang ito, muli silang inihanay batay sa pagkakatulad at pagkaka-ugnay ng mga nilalaman, tunguhin, at tema —(1) Pilipinong paglalakbay para sa mga naisasantabi at isinasantabi; (2) paglalakbay para sa/tungkol sa mga manggagawa; (3) paglalakbay para sa mga akademikong pag-aaral at paggawa; (4) paglalakbay para sa mga akademikong pananaliksik; (5) paglalakbay para sa ordinaryong panunurista; (6) paglalakbay hinggil sa obserbasyong kaunlaran; (7) paglalakbay sa tawag ng misyon at ibang tungkulin; at (8) paglalakbay sa paghahanap ng Pilipinong espasyo.

Pilipinong Paglalakbay para sa mga Naisasantabi at Isinasantabi

Maraming naisasantabi at isinasantabi sa paglalakbay na kagyat na kailangang maingat at mabigyan ng pagpapahalaga. Sa akda ni Dr. Wensley Reyes na "Ang Halina ng Banyaga sa Pagmumuni-muni Tungkol sa PagkaPilipino," itinampok niya ang naisasantabing Pilipinong pasaporte at paano ito nagiging marka ng ating identidad sa pandaigdigang ispektrum. Limitado ang kapangyarihan at napupuntahang bansa ng ating pasaporte, naging sangkap din upang maging mitsa ng diskriminasyon at esteriotipo nating mga Pilipino sa mundo ng paglalakbay.

Naisasantabi rin ang mga babae sa paglalakbay na katulad ng naging puna ni Pantoja-Hidalgo (1992) na pawang kalalakihan lamang ang nagtanghal nito. Gaya ni Hidalgo ang nabanggit na sina Pandita Ramabai at Abala Bose, kaya't sa aklat na ito ay maririnig ang boses ng kababaihan.

Sa akdang “Ang Aking Paglalakbay noong Dekada 1980: Pakikipagtagpo sa Kawalan sa Pagkakapantay at Diskriminasyon” ni Maria Paz Nakpil Santos-Viola (salin ni Prop. Mark Joseph Santos), itinampok niya ang kaniyang mga naging paglalakbay sa Timog Asya at Gitnang Silangan (Kanlurang Asya) hinggil sa naranasan niyang marhinalisasyon sa kababaihang manlalakbay noong panahong iyon gaya ng segregasyong panlahi (sistemang caste). Katulad ni Viola, binasag din ni Dr. Edna Bernabe sa akda niyang “Babae at Ina: Ang Aking Paglalayag sa Asya at Amerika” ang baluktot na pagtingin sa kababaihang naglalakbay. Itinatampok niya ang magkasamang tungkulin ng isang babae at ina sa paglalakbay habang ipinaglalaban ang kababaihang Pilipino sa harap ng mapang-insultong banyaga.

Tungkol naman sa kababaihang manggagawa ang naging pagtalakay ni Dr. Nancy Kimuell-Gabriel sa kaniyang “Ang Paglabas ng Bansa Bilang Pagpasok sa Realidad ng Manggagawa at Kababaihan sa Buong Daigdig.” Partikular sa kaniyang naging danas sa harap ng mga manggagawa sa Hong Kong, South Korea, at Alemanya. Gayundin ang kaniyang natutuhan sa pagbabahaginan ng karanasan at usaping pambabae sa mga komperensiya sa Australia at Norway. Katulad din ito ng “Konichiwa Kansai, Konbanwa Kanto: Maikling Tala ng Bagong-Salta sa Bansang Hapon” ni Prop. Ma. Lourdes Rita Alfaro na nagsagawa ng ilang pananaliksik hinggil sa kaniyang obserbasyon sa disiplina ng pagtratabaho ng mga Hapon. Higit pang mahalaga rito ang pag-apuhap ni Alfaro sa kababaihan at espasyong Pilipino sa Kansai at Kanto (Tokyo at Chiba).

Tunay na malayo rin ang nararating ng isang Pilipinong babaeng manlalakbay. Hatid ni Dr. Marilyn Ngales sa kaniyang akdang “Pamumuhay sa Bingit: Isang Makasariang Pagtunghay sa Bolunterismo ng VSO sa Rehiyong Benishangul Gumuz, Ethiopia (2004-2005)” (salin ni Christine Marie Magpile) ang buhay at naratibo ng kababaihang Ethiopian. Nakipamuhay si Ngales ng ilang taon sa Ethiopia na nagdala sa pagtatampok sa danas ng mga babaeng Ethiopian na nasasadlak sa prostitusyon. Gayundin ang kaniyang pagpasok sa usapin ng sanitaryo sa ilang paaralang pinapasokan ng iba’t ibang etnolinggwistikong pangkat katulad ng Gumuz, Amhara, Shinasha, Berta, at Oromo.

Hindi lang pala ang pasaporte at kababaihan ang naisasantabi kung minsan –madalas pa nga’y ang kaisipan at pananaw na sana’y pinag-yayaman nating mga Pilipino. Naisasantabi sa matagal na panahon ang boses ng mga Muslim. Ito ang hatid ng akdang “Ang Parikala ng Sistematikong Rasismo sa Akademiya ng Global South: Paanong ang

Othering ay Nananatili sa Kanluraning Kolonisasyon ng Kaalaman” na isinulat ni Dr. Nassef Manabilang Adiong (salin ni Prop. Nikko Jay Ramos). Mula sa kaniyang kinatigang danas hinggil sa rasismo at Islamophobic na mga Amerikano, pumasok sa isip ni Adiong na kailangan na talagang dekolonisahin ang mga teorya sa International Relations na aangkop para sa mga mamamayang gaya ng mga Pilipino. Katulad ni Adiong, dekolonisasyon din ang naging tema ni Prop. Vincent Casil sa kaniyang akdang “Mula Maynila Patungong Bangsamoro: Pakikibaka sa Pangdayo na Pamimilosopiya.” Bagaman hindi ito tungkol sa literal na paglalakbay sa ibayong dagat, malikhain niyang isinakonteksto ang kaniyang paglalakbay sa Bangsamoro noong 2021 upang pag-aralan at saliksikin ang ilang batas at polisiya para sa Bangsamoro. Natutuhan niya sa kaniyang paglalakbay na ang karamihan sa mga pilosopiyang ginagamit sa pag-aaral ng kasaysayan at lipunan ng Bangsamoro ay hindi naman gaanong nakapagbibigay ng solusyon sa mga suliranin ng rehiyon lalo na sa usaping seguridad, korapsiyon, kahirapan, at banta ng digmaan.

Pihit naman sa Pantayong Pananaw ang itinampok sa sanaysay ni Prop. Mark Joseph Santos na “Pantayong Pananaw sa Ibayong Dagat: Portugal at Espanya Bilang mga Lipunang may Diskursong Pangkabihasnan.” Sa kaniyang panandaliang pamamalagi sa Portugal at Spain, ibinahagi niya ang obserbasyong aniya’y may kahirapang tumanggap o magsalita ng wikang Ingles ang ilang mamamayan dito. Isang patunay na mayroong Pantayong Pananaw ang mga Espanyol at Portuges.

Pilipinong Paglalakbay para sa/tungkol sa mga Manggagawa

Bagaman naisasantabi at isinasantabi rin ang ating mga migranteng manggagawa, nais kong itampok ito sa isang hiwalay na bahagi. Mahalaga ang akdang maaasahan mula kay Dr. Carlos Piosos III na pinamagatang “Ang Sunday Day-off ng Isang Iskolar ng Diaspora: Mga Produktibong Tensiyon sa Pagitan ng Pananaliksik at Pakikisangkot sa mga Naratibo at Pakikibaka ng Migranteng Kababaihan sa Hong Kong” dahil ibinida niya ang natatanging karanasan ng mga migranteng manggagawa na kaniyang nakahalubilo sa Chater Road (Little Manila) –hindi lamang ang ating mga Bagong Bayani, pati na rin ang mga tinurang Pahlawan Devisa o tenega kerja wanita ng lipunang Indones.

Samantala, sa “Bienvenue au Canada: Maikling Tala Ukol sa Buhay ng mga Migranteng Pilipino” ni Prop. Roan Jessa Dino ay naitampok naman ang buhay ng ilang OFW sa Toronto at Winnipeg, Canada –

mga propesyonal na manggagawa sa Pilipinas ngunit masalimuot ang buhay sa banyagang bansa.

Kung nagtanghal sina Piosos at Dino tungkol sa mga manggagawa, may nagtampok naman ng “personal na karanasan” bilang OFW sa dalawang kaharian ng Gitnang Silangan. Sa akda ni Dionisio Cruz Andres na “Ang Aking Pakikipagsapalaran sa Kaharian ng Bahrain Bilang OFW,” kaniyang komprehensibong ibinahagi ang karanasan bilang OFW sa Umm Al Hassam at Guidaibiya, Bahrain, pinangalanan ang mga espasyong Pilipino kung saan doon sila’y malayang nakapagtitinda, naglalaro, at nakikisalamuha. Samantala, sa akda ni Prop. Juanito Anot Jr. na “Paglalakbay Patungo sa Kaharian ng Saudi Arabia,” mababasa ang kaniyang karanasan bilang guro sa Jeddah, Saudi Arabia at katulad ni Andres, ibinahagi ni Anot sa atin ang iba’t ibang espasyong Pilipinong naroon.

Pilipinong Paglalakbay para sa Akademikong Pag-aaral at Paggawa

Maasahan din sa antolohiyang ito ang karanasan ng mga Pilipino bilang mag-aaral at guro sa ibayong dagat. Mayroong tatlong sanaysay ang nagtampok tungkol sa pagiging akademiko sa Japan. Una, sa akda ni Prop. Myra Mariano-Ramos na “Pagkakataon at Paninindigan: Karanasan sa Bansang Hapon Bilang Iskolar,” kaniyang ibinahagi ang buhay ng isang Visiting Professor sa Kobe International University. Samantala, ang pagiging Visiting Professor ni Dr. Romulo Baquiran Jr. sa Filipino Language Specialist sa Osaka University noong 2014 hanggang 2017 ang buod ng kaniyang “Kahigpitan Bilang Panlipunang Kaayusan: Danas ng Mamamayang Magiliw sa Lupain ng Sumisikat na Araw” at ni Dr. Jocelyn Celero sa kaniyang “Tungkol sa Oras, Panahon, at mga Danas bilang Mag-aaral sa Japan,” bilang isang foreign student nang halos isang dekada. Natatangi ang ambag nina Baquiran at Celero sapagkat kapwa nila itinuon ang obserbasyon sa pagpapahalaga ng mga Hapones sa kanilang oras at gawain. Makikita rin natin kung paano sila binago ng Japan sa kanilang pagbabalik sa Pilipinas.

Apat na kuwentong buhay ang mababasa mula naman sa Europa. Kasama rito si Ma. Aviegail Anne Semillano na nagtampok ng kaniyang buhay-estudyante sa Corvinus University, Hungary sa “Szia Hungary: Isang Munting Tala ng Pagtuklas, Pag-angkop ng Pamumuhay, at Karanasan sa Europa.” Gayundin ang iskolar na si Dr. Jose Wendell Capili sa kaniyang “Pagkamulat Bilang Isang Mag-aaral sa Inglatera,” at sa kung paano siya namuhay bilang mag-aaral sa Faculty of Anthropology at

Archaeology sa Cambridge University. Mababasa rin ang akda ng bati-kang kritiko ng mga akdang pambata na si Dr. Eugene Evasco. Sa kaniyang “51 Aporismo ng Pilipinong Stippi sa Munich,” ibinahagi niya sa atin, sa paraan ng aporismong tula, ang karanasan niya bilang stippi (research fellow na binigyan ng suporta) sa Munich, Germany.

Maitatampok din sa aklat na ito ang akda ni Dr. Luna Sicat Cleto na pinamagatang “Finding Genoa, Finding Myself/Pag-aapuhap sa Genoa, Pag-aapuhap ng Sarili.” Ayon kay Cleto, hindi Italya ang kaniyang higit na nakilala kundi ang kaniyang sarili. Liban sa pagiging iskolar ng Erasmus Mundi sa Italya, dinala tayo ni Cleto sa kaniyang samo’t saring karanasan ng pakikihalubilo sa iba’t ibang etnisidad ng Italya.

Panghuli, dalawa ang nagbahagi ng kanilang pakikipaglaban sa Amerika. Una na rito ang akdang “Patungong Yale” (salin ni Juniesy Estanislao) ni Dr. Charlie Samuya Veric sa tanyag na Yale University sa Estados Unidos. May pagkakatulad nga halos si Veric kay Capili. Sa kabila ng matatayog na paglalarawan sa mga magagandang lugar; detalyadong pagtatala ng mga dekalidad na edukasyon sa pamantasang Cambridge at Yale; at iba pang nakakamanghang karanasan, ay siya ring hamon at pait para kina Veric at Capili. Napagnilayan o naranasan nila mismo ang marhinalisasyon mula sa banyagang unibersidad na kanilang pinasok. Sa kung paano ginamit ni Veric ang “kayumangging balat” samantalang “Asyano” ani Capili, upang tingnan sila ng Kanluran, naging dahilan pa nga ng huli upang malagay sa panganib ang kaniyang buhay.

Mahalaga rin para kay Dr. Timoteo Gener ang kaniyang pag-aaral sa ibayong dagat upang linangin ang Teolohiyang Pilipino. Inilahad ni Gener sa akdang “Pag-aaral sa Hilagang Amerika Tungo sa Paglilining ng Teolohiyang Pilipino” ang kaniyang naging karanasan bilang isang mag-aaral ng Teolohiya sa Institute for Christian Studies sa Canada at Fuller Theological Seminary sa Estados Unidos. Mababasa rin dito ang mga taong nasa likod ng kaniyang tagumpay.

Pilipinong Paglalakbay para sa Akademikong Pananaliksik

Mayroong bahagyang kaibahan ang pangkat na ito kompara sa mga nag-aral bilang estudyante at nagturo sa ibayong dagat. Itinatampok sa bahaging ito ang dalawang bagay –pagbabahagi ng pananaliksik sa anyo ng mga komperensiya at pananaliksik sa mga artsibo at aklatan.

Sa pagbabahaginan, una rito ang karanasan bilang rotaryo ni Prop. Rolando Maningas sa kaniyang akdang “Paglalayag sa mga Piling Bansa sa Timog Silangang Asya at Silangang Asya Bilang Rotaryong Historyador: Isang Makabuluhang Anekdotang Tala” kung saan kaniyang ipinamalas ang kaalaman tungkol sa mga paksang kasaysayan at lipunang Pilipino, sa mga bansang katulad ng Singapore, Tsina, at Taiwan. Samantala, disiplina naman ng industrial design ang ibinahagi ni Dr. Guillerma Mendoza sa mga bansang South Korea, Taiwan, at United Kingdom. Mababasa ito sa kaniyang akdang “Ang Pag-anod mula sa España, Maynila Patungo sa Nottingham, United Kingdom.”

Katulad nina Maningas at Mendoza, nakatulong naman para kay Dr. Ma. Florina Orillos-Juan ang kaniyang naging paglalakbay sa The Netherlands noong 2004 at 2015 upang pagyamanin ang kaniyang interes sa Kasaysayang Pangkapaligiran. Sa kaniyang artikulo na pinamagatang “Lakbay sa Gilid ng mga Kanal at Ilalim ng mga Molino: Mga Alaala ng Isang Akademiko Ukol sa Pagbabahagi, Pagkatuto at Pagmamasid sa The Netherlands,” ibinahagi ni Orillos-Juan ang samo’t saring kaalamang may kinalaman sa tubig (kanal at molino sa The Netherlands) at sa kung paano ito naging makabuluhan at magagamit nating mga Pilipino.

Gayundin sa akdang “Ang Aking Paglalakbay sa Argentina” ni Dr. Nestor Castro hinggil sa kaniyang paglahok sa isang workshop sa Buenos Aires, Argentina. Nagkaroon din si Castro ng ilang obserbasyon sa kolonyal na lungsod na tinawag bilang “Europa sa Timog Amerika.”

Nagsaliksik naman sa Japan si Dr. Ricardo Jose. Mababasa ito sa kaniyang artikulong “Personal na Karanasan: Mga Natatanging Karanasan ng aking Unang Paglalakbay sa Bansang Hapon” (salin ni Christine Marie Magpile) na tumuon sa kaniyang pananaliksik na may kinalaman sa kasaysayan ng Hukbong Pandagat at Ikalawang Digmaang Pandaigdig – bagay kung saan kilala si Jose sa larang ng kasaysayan.

Katulad ni Orillos-Juan, nakarating din sa Asya at Europa si Dr. Ma. Mercedes Planta. Ayon sa kaniyang akdang “Ang Paglalakbay ng Isang Mag-aaral ng Kasaysayan ay Hindi Katulad ng Isang Turista: Mula Sentro Tungo sa Dating Kapitolyo,” itinampok niya rito ang pananaliksik sa ilang aklatan at artsibo ng Jakarta, Indonesia at Kuala Lumpur, Malaysia na may kinalaman sa kasaysayan ng panggagamot at pampublikong pangkalusugan at kagyat na maibabahagi ang kaniyang paglalakbay sa Portugal –kung saan naging ganap ang kaniyang pag-aaral sa Timog Silangang Asya. Samantala, ganito rin ang ibinahagi ni Dr. Ariel Lopez sa

kaniyang “Leiden, Olanda, at Pag-aaral ng Timog Silangang Asya.” Para sa kaniya, ang Leiden ay isa sa pinakamahalagang sentro ng pag-aaral tungkol sa Timog Silangang Asya. Higit na nakatulong para kay Lopez ang pagsuyod sa mga artsibo at pagtungo sa mga akademikong institusyon katulad ng Unibersidad ng Leiden. Sa sanaysay na “Pananaliksik sa Ilang Sinupan sa Espanya” ni Dr. Jely Galang, kaniyang ibinahagi ang karanasan ng pananaliksik sa mga artsibo sa Espanya: tatlo sa Madrid, isa sa Valladolid, at isa rin sa Sevilla.

Estados Unidos naman ang naging paksa ni Dr. Ruel Pagunsan sa kaniyang akdang “Ang Natural History ng Pilipinas sa mga Museo at Sinupan ng Estados Unidos.” Interes ni Pagunsan ang pananaliksik tungkol sa Natural History ng Pilipinas kaya’t kaniyang tiniyaga ang mga dokumento, larawan, ispesimen, at ibang materyal na mayroong kinalaman sa ekolohiya ng Pilipinas sa iba’t ibang museo at sinupan. Samantala, mahalaga naman para kay Dr. Mary Dorothy Jose ang kaniyang pagiging Visiting Library Research Fellow sa University of Michigan, Ann Arbor, USA upang saliksikin ang mga datos tungkol sa kasaysayan ng kababaihang Pilipino sa Panahong Pilipino-Amerikano, lalo na sa 1904 St. Louis Exposition. Mababasa ang karanasan ni Jose sa kaniyang “Mga Gunita ng Paglalakbay sa Ann Arbor, Michigan, USA.”

Kambal ang ambag ni Dr. Kristoffer Esquejo sa kaniyang akdang “Pananaliksik, Paglililiw, at Pagmamasiid: Ang Mexico sa Gunita ng Isang Pilipinong Iskolar” at sa “Lansangan, Museo, at Artsibo: Isang Paglalakbay Bilang Mananaliksik sa Mexico” ni Dr. Kristyl Obispado. Kapwa sila nagtampok ng kanilang karanasan bilang mananaliksik hinggil sa kasaysayan ng Kalakalang Galyon (1565-1815). Ipinasyal tayo nina Esquejo at Obispado sa iba’t ibang lansangan ng Mexico –na itinuon sa pag-aapuhap ng espasyong Pilipino.

Sa ikalawang ambag ni Dr. Castro na “Pakikipamuhay at Pagsasaliksik sa Solomon Islands,” kaniyang ibinahagi ang karanasan sa pagsusuri sa mga mahalagang lugar ng Solomon Islands katulad ng Choiseul at Sta. Isabel, bago pagtayaran ng minahang pang-nickel.

Tungkol naman sa sakit ang naging sentro ng pananaliksik ni Prop. Atoy Navarro sa Ethiopia. Mababasa sa kaniyang akdang “Lakbay-Kabanwahan sa Addis Ababa: Pagbabalik-Tanaw sa Kasaysayan ng Sakit na Ketong sa Ethiopia” ang salaysay ni Navarro hinggil sa kaniyang dalawang beses na pagtungo sa Ethiopia noong 2019 at 2020 upang saliksikin ang sakit na ketong (o lamts para sa wikang Amhariko).

Pilipinong Paglalakbay para sa Ordinaryong Panunurista

Hindi rin naman nawawalay sa akdang ito ang paglalakbay bilang ordinaryong turista ng mga Pilipino. Nakalikom ang antolohiyang ito ng dalawang sanaysay tungkol sa Vietnam. Ito ay itinampok sa mga artikulo ni Dr. Raul Roland Sebastian at ang public historian na si Prop. Michael Charleston “Xiao” Chua. Sa akdang “Gunita ng Paglalakbay sa Vietnam at Cambodia,” ibinahagi ni Sebastian ang kahalagahan ng lakbay-aral sa pananalisd ng kaalamang historiko-kultural lalo na sa mga Pilipinong kawani ng unibersidad. Binigyan niya ng pansin ang kahalagahan ng Vietnam War Remnants Museum sa pagmulat ng kamalayan ng kabataan sa kanilang kasaysayan. Ang nasabing museo ay siya ring itinampok ni Chua sa kaniyang “Walang Nagwawagi sa Digmaan: Ang Aking Paglalakbay sa Vietnam” (salin ni Prop. Arvin Lloyd Pingul) noong 2016. Para sa kaniya, ang Remnants Museum ay isa sa pinakamahalagang pangkasaysayang museo sa buong daigdig. Sinuri niya ang nilalaman at representasyon ng museo lalo na sa kasaysayan ng Digmaang Vietnam (1955-1975) at malagim na pagpatay sa mga sibilyan sa My Lai Massacre (1968).

Kuwentong pag-ibig naman sa Thailand ang ibinahagi sa atin ni Dr. Randy Madrid sa kaniyang “Buhay, Pangarap, at Pag-ibig sa Bayan ni Mario Maurer.” Itinampok niya rito ang pag-angkin ng mga Pilipino kay Maurer sa ating takilyang tungkol sa pag-ibig at si Madrid bilang Pilipino –ay sa kung paano niya natanggap ang pag-ibig ng isang Thai.

Gayundin ang pagbahagi ng talang paglalakbay ni Danim Maje-rano sa kaniyang “Musa ng Denmark: Ang Poetika ng Paglalakbay” upang ipamalas ang natatanging karanasan sa Europa lalo na sa Denmark. Idiniin niya ang iskulptura ng Little Mermaid na tampok sa kuwento ni Hans Christian Andersen. Samantala, itinuon naman ni Dr. Divina Tormon-Pasumbal sa akda niyang “Ang Tsokolate na Pangako ni Ate” ang kaniyang paglalakbay sa Estados Unidos mula 1970 hanggang 2019.

Natatangi rin ang ambag ni Carmela Sagritalo na “Sa Kabilang Dako ng Dagat: Mga Karanasan Bilang Asyatika at Filipina sa Lima, Peru,” kung saan kaniyang ibinahagi ang karanasan sa Timog Amerika at sa kung paano mamuhay ang isang Pilipina sa “Lupain ng Machu Picchu.”

Pilipinong Paglalakbay hinggil sa Obserbasyong Kaunlaran

Hindi lamang turista ang mga Pilipino, bagkus isa ring optimis-tiko! Isang kaugaliang likas sa mga Pilipino na harayain ang kaunlarang

inaasam para sa Pilipinas. Katulad ni Majerano, ilan pa sa mga halimbawa rito ay ang akdang “Mga Gunita ng Paglalakbay ng Isang Guro sa Kuala Lumpur, Malaysia at ang Pagsumpong sa Diwa ng Dunia Melayu” ni Michael Anjielo Tabuyan at Prop. Jervy Briones sa akdang “Mga Repleksyon ng Isang Iskolar-Komyuter sa Taipei.” Bagaman may kinalaman sa pagbabahagi ng pananaliksik ang kanilang danas ngunit kapwa nilang inihambing ang maalwang uri ng transportasyong nasaksihan at namayani sa lansangan ng Kuala Lumpur, Malaysia at Taipei, Taiwan, na totoong limitadong makikita sa lansangang Pilipino.

Nagbahagi rin ng karanasan si Atty. Rodolfo Sabio sa kaniyang akdang “Tala ng Dalawang Paglalakbay: Mabilisang-Titig sa Kultura at Gamit-Espasyo” (salin ni Prop. John Adrianfer Atienza). Bagaman nagkaroon siya ng panimulang pagbabahagi ng karanasan sa Singapore, mula sa magagandang lugar dito, kaalwahan ng transportasyon (gaya nina Tabuyan at Briones), higit niyang itinuon ang makabuluhang karanasan sa Taiwan. Bilang abogado, nagkaroon si Sabio ng obserbasyon sa kung paano sinusupportahan ng pamahalaan ang mga magsasakang Taiwanese.

Pilipinong Paglalakbay sa Tawag ng Misyon at Ibang Tungkulin

Nakakalap din ang antolohiyang ito ng mga sanaysay hinggil sa extraordinaryong karanasan na ginampanan ng mga Pilipino sa ibayong dagat –sa anyo ng mga mapanganib na misyon at tungkulin. Halimbawa rito ang dalawang sanaysay ni Prop. Hadje Sadje. Sa kaniyang akdang “Buhay sa Ilalim ng Pananakop o Okupasyong Militar: Isang Engkuwentro sa Realidad ng Hidwaang Israel at Palestina,” isinalaysay niya rito ang karanasang maging human rights observer sa West Bank o Palestine. Pagkatapos ng misyong ito, nagkaroon siya ng limang obserbasyon o realidad hinggil sa pinakamahabang sigalot sa pagitan ng dalawang lahi sa kasaysayan. Samantala sa ikalawang sanaysay na “Waarom ben je hier, omdat jij daar was: Isang Repleksiyong Dekolonyal sa EU Refugee Crisis,” nagkaroon naman ng pakikilahok si Sadje sa mga migrante, refugee, at asylum-seeker mula sa Kanlurang Asya (Syria, Afghanistan, at Iraq) at Hilagang Aprika na pumapasok sa mga prontera ng Europa.

Dalawang sanaysay rin ang naiambag ni Ambassador Elmer Cato ng Consulate General of the Philippines sa New York. Sa “Assignment: Tripoli, Libya” (salin ni Prop. Ruben Jeffrey Asuncion), ibinahagi niya ang kaniyang karanasan noong 2000 kung saan pinasugo siya ng Pilipinas sa Tripoli, Libya upang samahan ang mga pinalayang bihag ng Abu Sayaff

sa Sipadan, Malaysia. Gayundin ang kaniyang karanasan noong 2011 nang muling ipadala sa Iraq. Mababasa natin sa isa pang akdang “Pagbabalik sa Baghdad, Iraq” (salin ni Wogie Pacala) ang lingkod-bayan ni Cato para sa mga Pilipinong manggagawa (sa Baghdad at Hilagang Kurdistan) na naipit sa bingit ng Digmaang Iraq at Iran, Gulf War noong 1991, at sigalot dulot ng pagbagsak ni Saddam Hussein.

Liban kay Cato, makabuluhan din ang talang paglalakbay ng historyador na si Prop. Ferdinand Philip Victoria, na dating diplomat ng pamahalaang Pilipinas sa Australia. Ayon sa kaniyang akdang “Mga Gunita ng Isang Diplomat sa Lupain ng mga Kangaroo,” naging bahagi siya ng tatlong makasaysayang kaganapan sa pagitan ng Pilipinas at Australia na may kinalaman sa krimen at karapatang Pilipino.

Pilipinong Paglalakbay sa Paghahanap ng Pilipinong Espasyo

Dahil nagkalat ang mga Pilipino sa iba’t ibang bahagi ng daigdig, umusbong na rin ang ating identidad sa samo’t saring trajektori. Tampok sa bahaging ito ang dalawang sanaysay ni Prop. Eunice Barbara Novio.

Ang unang akda na “Pagpapalaki ng Anak sa Thailand: Hamon at Tugon sa Transnasyonalismo” ay nagtanghal sa tungkulin ng isang inang Pilipinong nagluwal at nagpalaki ng Pilipinong anak sa Thailand. Komprehensibo niyang inilahad ang karanasan ng mga magulang na Khun Pilipin o mamamayang Pilipino na hinahamon ng transnasyonalismo. Samantalang kakaiba naman ang kaniyang ikalawang akdang “Filipino Black Jack: Maikling Tala Tungkol sa mga Kawatang Pilipino sa Laos at Vietnam” (salin ni Prop. Mark Joseph Santos). Tungkol ito sa mga Pilipinong sindikato (Filipino Black Jack Group) na sangkot sa panloloko sa mga turista sa Vientiane, Laos na pinaniniwalaang nagsimula sa Vietnam noong 2009 at kumalat sa Cambodia; Phuket, Thailand; at Laos.

Espasyong Rizal naman ang itinampok ng batikang historyador na si Dr. Jaime Veneracion. Sa kaniyang akdang “Madrid ni Rizal: Paanong Inangkin ng mga Pilipino ang Espanya,” ibinahagi niya ang kaniyang natatanging karanasan ng pananaliksik sa Madrid noong 2002 upang buoin ang polyetong “Rizal’s Madrid” na inihabiling gawain ng Konsulado ng Pilipinas sa kaniyang grupo. Mahalaga ang nagawang ito ni Veneracion upang magkaroon ng giya ang mga Pilipinong nais pumunta sa Madrid upang hanapin ang mahahalagang lugar sa buhay ni Rizal.

Nagkataong may sanaysay din ukol sa dalawang estado na geograpihong nakahiwalay sa mainland USA: ang Alaska at Hawai'i. Ayon kay Dr. Joefe Santarita sa kaniyang "Salmon at Pinoy: Pinagtagpo at Tinadhana sa Kodiak, Alaska," personal niyang nakasama ang mga manggagawang Pilipinong nagtrabaho sa kanarya ng isla. Mahalaga ang Kodiak, Alaska para sa mga Pilipinong manggagawa na umaasa sa biyaya ng lamang-dagat, na noong 1907 pa unang nakikipamuhay doon. Hindi rin nakalimutan ni Santarita na itanghal ang mga espasyong Pilipino sa Kodiak, Alaska. Samantala, sa akdang "Isang Paglalakbay sa Lupain ng Ginintuang Pangarap: Kuwentuhan, Karanasan, at Kasaysayan" ni Dr. Rowena Quinto-Bailon, nakipamuhay siya kasama ng mga Pilipinong nasa Hawai'i. Ang mga Pilipinong ito ay kasama sa Pares-Pares na unang dumating sa Hawai'i upang magtrabaho sa plantasyon ng tubo.

May pagkakahalintulad kay Novio ang akdang "Ang Pagbuo ng Pagkakakilanlan ng Kabataang Pinoy sa Canada" ni Dr. Michael Fast kung saan mula sa mga personal niyang komunikasyon, sinalungguhitan ang namamayaning transnasyonalismo sa pagitan ng mga batang ipinanganak sa Pilipinas na tumungo sa Canada at mga batang Pilipinong ipinanganak sa Canada. Bagaman ang aklat na ito ay tungkol sa "Pilipinong Paglalakbay," para sa akin, kahit na isang Canadian si Fast, isa siyang aangkinitin ko bilang Pilipino, sa husay niyang pag-aralan ang lipunang Pilipino.

Pagtatapos: Ang Bangkang Naglayag Paalis ng Banwa, Magbabalik pa rin sa Banwa

Matagal nang naglakbay at patuloy pa ring naglalakbay ang mga Pilipino. Mula sa bangkang ipinamana ng mga ninunong mandaragat na Austronesyano hanggang sa paghahari-harian ng mga kolonisador na walang humpay na naglabas-pasok dito sa kapuloan –itinanghal ang kanilang kagitingan habang ang mga Pilipino ay pilit nilang isinasama sa agos ng kanilang tinurang "paglalakbay." Sa panahon ng ating pagbali-likwas tungo sa pagnanasang makuha muli ang bangkang magdadala sa ating pagpapakahulugan sa paglalakbay narito tayo na patuloy na hinahanap ang lugar nating mga Pilipino –saang dadako kundi sa banwang pinagmulan. Sa pagbubuo ng Araling Pangmanlalakbay na hahawan o magbubukas ng iba't ibang pinto upang itanghal kung ano ba ang isang "Pilipinong paglalakbay," sikapin natin nawa na makabalik sa kabanwahang Pilipino. Saanman tayo paroroon, gaya ng isang pusod na namagitan sa ina at mga anak o sa mga anak at sa Inang Bayan, ang bangkang

magbabalik sa atin sa Pilipinas ay naglalaman hindi ng bagaheng kolonyal kundi isang pagtatangkang maitampok ang Pilipinas sa entablado ng kaalwahan at kaginhawahan. Sa pamamagitan ng antolohiyang ito, laging isipin ang isang kasabihang lagi rin nating sinasambit sa tuwina – “ang hindi lumingon sa pinanggalingan ay hindi makakapunta sa paroroonan!”

Talahuli

* Unang lumabas bilang “Paglilinang sa Araling Pangmanlalakbay sa Diwa ng Araling Kabanwahan: Isang Panimulang Pagdalumat,” nasa *Hugpungan: Katutubong Kaalaman at Interdisiplinaridad sa Panahon ng Krisis*, mga ed. Jomar Adaya, Joseph Reylan Viray, Alondra Gayle Sulit, at John Christian Agudera, pp. 174-257. Center for Philippine Studies, Polytechnic University of the Philippines, 2022. Nirebisa at pinalawig para sa introduksiyong ito.

References

- Abdullah, Daiyyah Edwards. 2006. Interview with Elaine Lee. *Studies in Travel Writing* 10, blg. 1: 57-70.
- Abubakar, Carmen. 1999. Ang Hijrah ng MNLF: 1974-1996. Nasa *Mga Eksilo, Inang Bayan, at Panlipunan Pagbabago*, ed. Maruja Asis, 249-262. Quezon City: University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies at Scalabrini Migration Center.
- Alarilla, Adrian. 2020. A String of Specters: Reflections on the Haunting in Viet Thanh Nguyen’s *The Refugees*. *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia* 56, blg. 2: 163-168.
- Alatas, Syed Farid at Vineeta Sinha. 2017. *Sociological Theory Beyond the Canon*. Palgrave Macmillan.
- Alatas, Syed Farid at Vineeta Sinha. 2020. Rizal’s Sociology of Colonial Society. Lecture, Alternative Sociologies, Counter-Sociologies: Jose Rizal and Pandita Ramabai Saraswati’s Contributions to Sociological Theory.
- Alcina, Francisco Ignacio. 1668. *History of the Bisayan People in the Philippine Islands: Evangelization and Culture at the Contact Period*, mga ed. Cantius Kobak at Lucio Gutierrez. University of Santo Tomas Publishing House.
- Alegre, Edilberto. 2020. *Biyaheng Pinoy: A Mindanao Travelogue*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Almario, Virgilio, ed. 2010. *UP Diksyunaryong Filipino: Binagong Edisyon*. Anvil Publishing, Inc.
- Alu, Giorgia. 2002. Beyond the Observation of the Travelled Reader: The Unknown Sicily of Louise Hamilton Caico. *Studies in Travel Writing* 6, blg. 1: 78-95.

- Alvarez, Jack. 2015. *Ang Autobiografia ng Ibang Lady Gaga*. Visprint, Inc.
- Alvarez, Jack, ed. 2017. *Saan Man: Mga Kuwento sa Biyahe, Bagahe, at Balikbayan Box*. Pagejump Folio.
- Alvarez, Kerby. 2020. Sipat, Saliksik, Sintesis: Ang Paglalakbay Bilang Proseso ng Pagtutuos sa Sariling Suri. Nasa *Danas: Mga Tala ng Akademikong Paglalakbay sa Ibayong Dagat*, awt. Axle Christien Tugano, 378-383. Manuskritong Aklat.
- Alvarez, Stefani (Jack). 2021. Transfinity Diary. *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature* 15, blg. 1: 162-175.
- Aquino, Benigno Jr. 1970. *Journey Through Russia*. Quezon City: Manor Press.
- Aquino, Clemen. 1999. Pagbabahagi ng Kuwentong Buhay: Isang Panimulang Pagtingin. Nasa *Gender-Sensitive and Feminist Methodologies: A Handbook for Health and Social Researchers*, ed. Sylvia Guerrero, 83-116. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Aquino, Clemen. 2006. Mga Kuwentong Buhay at Kuwentong Bayan sa Paghahabi ng Araling Panlipunan. Nasa *Kuwentong Bayan: Noong Panahon ng Hapon: Everyday Life in a Time of War*, mga ed. Thelma Kintanar, Clemen Aquino, Ma. Luisa Camagay, at Patricia Arinto, 390-399. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Arcilla, Jose. 1996. Jesuit Historians of the Philippines. *Philippine Studies* 44, blg. 3: 374-391.
- Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia (ASJCPA). w.tn. Submission Guidelines. Websayt ng *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia*, <https://bit.ly/3syEzdG> (inaksess noong Mayo 14, 2022).
- Asis, Maruja, ed. 1999. *Mga Eksilo, Inang Bayan, at Panlipunan Pagbabago*. Quezon City: University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies at Scalabrini Migration Center.
- Atkinson, Fred. 1905. *The Philippines*. Boston: Ginn and Co.
- Azicate, Enrico Gerard. 1993. Paglalakbay sa Estados Unidos, 1992. Nasa *Kasaysayan 2000: Mga Panayam sa Pangingibang-Bayan: Tungo sa Pagpapaunlad ng Disiplina ng Kasaysayan sa Pilipinas*, ed. Ma. Luisa de Leon-Bolinao, 23-31. Quezon City: Trinitas Publishing, Inc.
- Balmes, Domar. 2022. Japan: Impressions from a Six-Day Visit. *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia* 58, blg. 1: 173-188.
- Bascara, Cornelio. 1987. Ang mga Pranses sa Pilipinas Noong Siglo Labing-Walo at Labing-Siyam. *Malay Journal* 6, blg. 2: 40-70.
- Bassnett, Susan. 1999. Interview with Colin Thubron by Susan Bassnett. *Studies in Travel Writing* 3, blg. 1: 148-171.
- Battutah, Ibn. 1355. *The Travels of Ibn Battutah*, ed. at trans. T. Mackintosh-Smith. London, United Kingdom: Macmillan Collector's Library, 2016.

- Behdad, Ali. 2019. Orientalism and Middle East Travel Writing. Nasa *Orientalism and Literature*, ed. Geoffrey Nash, 185-201. Cambridge University Press.
- Benn TK. 2019. Philippines—Land of enchanted Islands| Epic Travel Cinematic. Websayt ng *Youtube*, pinost noong Hulyo 23, <https://bit.ly/2K7IQxw> (inakses noong Nobyembre 15, 2022).
- Benton, Ted. 1997. Where to Draw the Line? Alfred Russel Wallace in Borneo. *Studies in Travel Writing* 1, blg. 1: 96-116.
- Bhattacharya, Sarbajaya. 2021. Constructing the Self and “Discovering” India: Abala Basu’s Travelogues for Children. *Studies in Travel Writing* 25, blg. 1: 1-14.
- Bituin, Gregorio Jr. 2012. *Paglalakbay sa Mae Sot: Kalipunan ng 8 Sanaysay at 88 Tula*. Manila: Aklatang Obrero Publishing Collective.
- Blair, Emma Helen at James Alexander Robertson, mga ed. at trans. 1903-1909. *The Philippine Islands, 1493-1898, 55 Volumes*. Cleveland: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909.
- Bobis, Merlinda. 2021. Dekolonyal na Elastisidad sa Salaysay ng Paglalakbay at na Naglalakbay ng Makatang Filipinong Transnasyonal: Mga Pakikipagsapalarang Malikhain at Kritikal. *Katipunan Journal* 8, blg. 1: 56-84.
- Bolinao, Ma. Luisa de Leon, ed. 1993. *Kasaysayan 2000: Mga Panayam sa Pangangibang-Bayan: Tungo sa Pagpapaunlad ng Disiplina ng Kasaysayan sa Pilipinas*. Quezon City: Trinitas Publishing, Inc.
- Borm, Jan. 2001. My Hummocks—An Interview with Jean Malaurie. *Studies in Travel Writing* 5, blg. 1: 106-129.
- Boston University (BU). w.tn. Travel Studies. Websayt ng *World Languages and Literatures*, <https://bit.ly/3URStnj> (inakses noong Nobyembre 17, 2022).
- Bowring, Sir John. 1859. *Visit to the Philippine Islands*. London: Smith & Elder.
- Boyce, William. 1914. *The Philippine Islands*. Chicago: Rand McNally.
- Brillantes, Gregorio. 2004. *Looking for Jose Rizal in Madrid: Journeys, Latitudes, Perspectives, Destinations*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Brooker, Peter. 2004. Atlantic Crossing: Placing William Carlos Williams’ A Voyage to Pagany. *Studies in Travel Writing* 8, blg. 1: 49-63.
- Brown, Arthur. 1903. *The New Era in the Philippines*. New York: Fleming H. Revell.
- Buhain, Dominador. w.tn. *On the Life and Travels of Atty. Dominador D. Buhain*. Rex Book Store, Inc.
- Bulosan, Carlos. 1942a. *Chorus for America: Six Philippine Poets*. Wagon and Star Publishers.
- Bulosan, Carlos. 1942b. *Letter from America*. Illinois: The Press of J.A. Decker.
- Bulosan, Carlos. 1946. *America is in the Heart: A Personal History*. Harcourt Brace.

- Bulosan, Carlos. 1946. *Nasa Puso ang Amerika: Kasaysayang Buhay ni Carlos Bulosan*, trans. Paula Carolina Malay at Carolina Malay. Quezon City: Anvil Publishing, Inc., 1993.
- Burroughs, Robert. 2010. The Travelling Apologist: May French Sheldon in the Congo Free State (1903–04). *Studies in Travel Writing* 14, blg. 2: 135-157.
- Butler, Richard. 2015. The Evolution of Tourism and Tourism Research. *Tourism Recreation Research* 40, blg. 1: 16-27.
- Butler, Richard at Geoffrey Wall. 1985. Introduction: Themes in Research on the Evolution of Tourism. *Teoros: Annals of Tourism Research* 12, blg. 3: 287-296.
- Cabañas, Miguel. 2005. North of Eden: Romance and Conquest in Fanny Calderon De La Barca's Life in Mexico. *Studies in Travel Writing* 9, blg. 1: 1-19.
- Camagay, Ma. Luisa. 1993. Buhay Mag-aaral: Pransiya 1978. *Nasa Kasaysayan 2000: Mga Panayam sa Pangangibang-Bayan: Tungo sa Pagpapaunlad ng Disiplina ng Kasaysayan sa Pilipinas*, ed. Ma. Luisa de Leon-Bolinao, 3-10. Quezon City: Trinitas Publishing, Inc.
- Camagay, Ma. Luisa. 1999. Mariano Ponce: Sugo sa Bansang Hapon. *Nasa Mga Eksilo, Inang Bayan, at Panlipunan Pagbabago*, ed. Maruja Asis, 117-134. Quezon City: University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies at Scalabrini Migration Center.
- Campbell, Mary Baine. 1997. Renaissance Voyage Literature and Ethnographic Pleasure: The Case of Andre Thevet. *Studies in Travel Writing* 1, blg. 1: 9-42.
- Canova, Andrea. 2001. Far-away Countries and Useful Books: Some Remarks on Antonio Pigafetta and other Travellers in the Pacific at the Beginning of the Sixteenth Century. *Studies in Travel Writing* 5, blg. 1: 1-34.
- Capili, Jose Wendell. 2021. Dalawang Antolohiya, Isang Kasaysayang Pampanitikan: Ilang Tala sa Likod ng Tatlong Aklat Tungkol sa mga Manunulat na Pilipino sa Australia. *Katipunan Journal* 8, blg. 1: 125-143.
- Caronan, Faye. 2005. Colonial Consumption and Colonial Hierarchies in Representations of Philippine and Puerto Rican Tourism. *Philippine Studies* 53, blg. 1: 32-58.
- Carpenter, Frank. 1925. *Through the Philippines and Hawai'i*. New York: Doubleday, Page and Co.
- Casal, Gabriel, Eusebio Dizon, Wilfredo Ronquillo, at Cecilio Salcedo, mga ed. 1998. *Kasaysayan: The Story of the Filipino People, The Earliest Filipinos, Vol. 2*. Hong Kong: Asia Publishing Company Limited.
- Casas, Dianne de las at Zarah Gagatiga. 2011. *Tales from the 7,000 Isles: Filipino Folk Stories*. Libraries Unlimited.
- Chakraborty, Basundhara. 2020. A Travelling Wife's Tale: A Gendered Reading of Travelogues by Lady Abala Bose. *The International Journal of Writing and Mobility*, 53-68. Manuskrto.

- Chandorkar, Leena. 2013. The Circle of Travel and the Journey of Life: Re-reading Pandita Ramabai's American Travelogue. *Indian Literature* 57, blg. 6: 160-172.
- Chao Ju-Kua. 1225. *Chau Ju-kua, His Work on the Chinese and Arab Trade in the Twelfth and Thirteenth Centuries, Entitled Chu-fan-chi*, trans. Friedrich Hirth at William Woodville Rockhill. St. Petersburg: Imperial Academy of Science.
- Chirino, Pedro. 1604. Relation of the Filipinas Islands. Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898, Vol. XII*, mga ed. at trans. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 169-321. The Arthur and Clark Company, 1903-1909.
- Clarke, Ben. 2009. Among the Headhunters: Janet McGovern and Anthropology in Taiwan. *Studies in Travel Writing* 13, blg. 3: 251-270.
- Cleto, Luna Sicat. 2016. Finding Genoa, Finding Myself Notes on Reading, Language, Travelling, and Mobility. *Humanities Diliman* 13, blg. 1: 62-97.
- CNN Philippine Staff (CNNPS). 2019. Lonely Planet corrects 'misleading' post on Banaue Rice Terraces. Websayt ng *CNN Philippines*, pinost noong Abril 2, <https://bit.ly/3lhDlPC> (inakses noong Disyembre 13, 2021).
- Colin, Francisco. 1663. Native Races and their Customs. Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898, Tomo XL*, mga ed. at trans. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 37-98. The Arthur and Clark Company, 1903-1909.
- Combes, Francisco. 1663. The Natives of the Southern Islands. Nasa *The Philippine Islands, 1493-1898, Vol. XL*, mga ed. at trans. Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, 99-182. The Arthur and Clark Company, 1903-1909.
- Commission on Filipino Overseas (CFO). w.tn. Lakbay-Aral sa Pilipinas. Websayt ng *Commission on Filipino Overseas*, <https://bit.ly/3EJxfCo> (inakses noong Nobyembre 15, 2022).
- Condict, Alice Byram. 1902. *Old Glory and the Gospel in the Philippines*. Chicago: Fleming H. Revell Co.
- Coursey, Oscar William. 1914. *The Philippines and Filipinos*. South Dakota: The Educator Supply Co.
- Dagli, Winifredo. 2013. Pamamaybay sa Ilog Lagnas: Isang Panimulang Pagbabalangkas ng mga Piling Usapin sa Bundok Banahaw. Masteradong Tesis sa Sosyolohiya, University of the Philippines Diliman.
- Dalisay, Jose Jr. 2021. Ang Rombomanon at Pilipino Bilang Manlalakbay. Nasa *Pangangayaw: Ang Pangingibang-Bayan at Paghahanap ng Ginawa sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*, mga ed. Vicente Villan at Kristoffer Esquejo, 17-25. Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa Kasaysayan (ADHIKA) ng Pilipinas, Inc., at National Commission for Culture and the Arts.
- Damilig, Angelita. 2020. Komunikasyon sa e-mail, Hulyo 16.
- Detrick, C.A. 1889-1990. Philippine Insurrection Diary. Websayt ng *Special Collections Research Center, Swem Library, College of William and Mary*, <https://bit.ly/3OltQYM> (inakses noong Nobyembre 17, 2022).

- Devilles, Gary. 2021. Tunog Tagalog: Pagninilay-nilay sa Kultura ng Pakikinig at Politikal na Ekolohiya ng mga Bagay. *Katipunan Journal* 8, blg. 1: 144-159.
- Devins, John Bancroft. 1905. *An Observer in the Philippines*. Boston: American Tract Society.
- Doyle, Fred Charles. 1955. Fred Charles Doyle Photo Album. Websayt ng *Special Collections Research Center, Swem Library, College of William and Mary*, <https://bit.ly/3EqG8iT> (inakses noong Nobyembre 17, 2022).
- Elumbre, Adonis. 2014. Kasaklawan ng mga Larangan sa Bagong Kasaysayan: Buhay, Bayan, at Kabanwahan. *Saliksik E-Journal* 3, blg. 1: 1-29.
- Elumbre, Adonis. 2015a. Lokalisasyon at Kabanwahan bilang mga Lapit sa Rehiyonalismo ng Timog Silangang Asya. Nasa *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan; Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar; Tomo I: Araling Pangkapatigiran, Pilipinolohiya, Sikolohiyang Pilipino, Pilosopiyang Pilipino, at Araling Kabanwahan*, mga ed. Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez-Tatel, at Vicente Villan, 262-284. Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc.
- Elumbre, Adonis. 2015b. Pagpopook ng Araling Timog Silangang Asya at Araling ASEAN sa Araling Kabanwahan. *Saliksik E-Journal* 4, blg. 2: 1-26.
- Elumbre, Adonis. 2019a. Pag-aaral ng Rehiyonalismo sa Timog Silangang Asya. Nasa *Lakbay-Kabanwahan sa Timog Silangang Asya; Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangigingbang-Bayan ng mga Likasyan 1*, mga ed. Adonis Elumbre at Atoy Navarro, 110-130. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan.
- Elumbre, Adonis. 2019b. Pambungad: Lakbay-Kabanwahan, Pagdadalumut ng Karanasan at ang Pagbubuo ng Rehiyon. Nasa *Lakbay-Kabanwahan sa Timog Silangang Asya; Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangigingbang-Bayan ng mga Likasyan 1*, mga ed. Adonis Elumbre at Atoy Navarro, 8-13. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan.
- Elumbre, Adonis at Atoy Navarro, mga ed. 2019. *Lakbay-Kabanwahan sa Timog Silangang Asya; Lakbay-Kabanwahan: Mga Salaysay ng Pangigingbang-Bayan ng mga Likasyan 1*. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan.
- Eugenio, Damiana, ed. at comp. 2001. *The Epics, Philippine Folk Literature Series, Vol. VIII*. Quezon City: University of the Philippines Press.
- Evarts, Frances. 1926-1927. Frances Evarts Clark Travel Diary. Websayt ng *Special Collections Research Center, Swem Library, College of William and Mary*, <https://bit.ly/3URzS1i> (inakses noong Nobyembre 17, 2022).
- Evasco, Eugene. 2017. Ang Mapa ng Taglagas sa Aking Maleta. *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature* 11, blg. 1: 212-228.
- Faust, Karl Irving. 1899. *Campaigning in the Philippines*. San Francisco: The Hicks-Judd Pub. Co.
- Fearless & Far. 2018. Philippines STRANGEST food! ETAG in Sagada|Travel Philippines Vlog. Websayt ng *Youtube*, pinost noong Hunyo 12, <https://bit.ly/3hXjdnL> (inakses noong Nobyembre 15, 2022).

- Forbes-Lindsay, Charles. 1906. *The Philippines under Spanish and American Rules*. Philadelphia: The John C. Winston Co.
- Francis, John at Verna Francis. 1931. John G. and Verna O. Francis Diary. Websayt ng *Special Collections Research Center, Swem Library, College of William and Mary*, <https://bit.ly/3tQNUoI> (inakses noong Nobyembre 17, 2022).
- Fuller, Mary. 2002. Ravenous Strangers: The Argument of Nationalism in Two Narratives from Hakluyt's Principal Navigations. *Studies in Travel Writing* 6, blg. 1: 1-28.
- Garduce, Romi. 2014. *Akyat: A Filipino's Journey to the Seven Summits*. CreateSpace Independent Publishing Platform.
- Garrido, Marco. 2011. Home is Another Country: Ethnic Identification in Philippine Homeland Tours. *Qualitative Sociology* 34, blg. 1: 177-199.
- Gealogo, Francis. 1993. Kasaysayang Demograpikal ng Asya: 1992 Seminar sa Hawai'i at Timog Korea. Nasa *Kasaysayan 2000: Mga Panayam sa Panginibang-Bayan: Tungo sa Pagpapaunlad ng Disiplina ng Kasaysayan sa Pilipinas*, ed. Ma. Luisa de Leon-Bolinao, 35-46. Quezon City: Trinitas Publishing, Inc.
- Gealogo, Francis. 1994. Hermeneutika ng Pakikipagtunggali: Ang Pagpapakahulugan sa Diskurso ng Pakikibakang Panlipunan. *Philippine Social Sciences Review* (Special Issue): 1-37.
- Gentil, Guillaume Joseph Le. 1779-1781. *Voyage dans les mers de l'Inde*. De L'imprimerie royale. Lyon Public Library, Bibliotheque Jesuite des Fontaines.
- Gerona, Danilo. 2021. Enrique de Malacca: Pagsasalín sa Imperyalismong Español. *Katipunan Journal* 7, blg. 1: 143-162.
- Gironiere, Paul de la. 1853. *Vingt Annees Aux Philippines: Souvenirs de Jala-Jala*. Paris Comptoir des Imprimeurs Unis.
- Gironiere, Paul de la. 1855. *Aventures d'un Gentilhomme Breton aux îles Philippines*. Paris: Lacroix-Comon et chez l'auteur.
- Gironiere, Paul de la. 1862. *Journey to Majajjay*, trans. Emilio Aguilar Cruz. Manila: The National Historical Institute, 1983.
- Givens, James. 1912. *Scenes Taken in the Philippines, China, Japan and the Pacific: Relating to Soldiers*. Rare Oriental Book Co.
- Go, Jan Robert. 2020. Wuhan. *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature* 14, blg. 2: 1-11.
- Goh, Daniel. 2007. Imperialism and "Medieval" Natives: The Malay Image in Anglo-American Travelogues and Colonialism in Malaya and the Philippines. *International Journal of Cultural Studies* 10, blg. 3: 323-341.
- Gongora, Marian. 2016. Filipino Identity through Foreign Eyes: Reflections of an Exchange Student in Korea. *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia* 52, blg. 1: 166-168.

- Grigsby, Mary Blair at William Galt. 1840-1930. Grigsby-Galt Paper. Websayt ng *Special Collections Research Center, Swem Library, College of William and Mary*, <https://bit.ly/3EKvPHQ> (inakses noong Nobyembre 17, 2022).
- Grijalva, Juan de. 1624. *Cronica de la orden de N. P. S. Augustin en las provincias de Nueva España*. Mexico.
- Grindstaff, Beverly. 1999. Creating Identity: Exhibiting the Philippines at the 1904 Louisiana Purchase Exposition. *National Identities* 1, blg. 3: 245-263.
- Gripaldo, Eden. 1993. Sa Gitna ng Unos: Beijing, Tsina 1989. *Nasa Kasaysayan 2000: Mga Panayam sa Pangangibang-Bayan: Tungo sa Pagpapaunlad ng Disiplina ng Kasaysayan sa Pilipinas*, ed. Ma. Luisa de Leon-Bolinao, 47-64. Quezon City: Trinitas Publishing, Inc.
- Gruber, Doris von. 2022. Europeans Encounter the World in Travelogues, 1450–1900. Websayt ng *Europäische Geschichte Online*, pinost noong Marso 8, <https://bit.ly/3ELbAtj> (inakses noong Nobyembre 15, 2022).
- Guevarra, Rudy. 2011. Filipinos in Nueva España: Filipino-Mexican Relations, Mestizaje, and Identity in Colonial and Contemporary Mexico. *Journal of Asian American Studies* 14, blg. 3: 389-416.
- Hall, John Lesslie. 1893-1973. John Lesslie Hall Jr. Papers. Websayt ng *Special Collections Research Center, Swem Library, College of William and Mary*, <https://bit.ly/3Ot8rlq> (inakses noong Nobyembre 17, 2022).
- Halstead, Murat. 1898. *The Story of the Philippines: The Eldorado of the Orient*. Chicago: Our Possessions Pub. Co.
- Hannaford, Ebenezer. 1900. *History and Description of the Picturesque Philippines*. Springfield, Massachusetts.: The Crowell and Kirkpatrick Co.
- Harper, Melissa. 2007. Pedestrian Prose: The Travel Writing of William Mogford Hamlet, Bushwalker. *Studies in Travel Writing* 11, blg. 1: 37-58.
- Harris, Margaret. 2008. The Travels of George Eliot. *Studies in Travel Writing* 12, blg. 3: 291-299.
- Hess, Peter. 2008. Travel as Projection of Civic Virtue, Political Power and National Identity: Johann Fischart's The Fortunate Ship From Zurich. *Studies in Travel Writing* 12, blg. 1: 49-65.
- Hiller, Alice. 1999. The Perverse Tourism of Captain Basil Hall. *Studies in Travel Writing* 3, blg. 1: 82-101.
- Hindson, Katy. 2007. Interview with Redmond O'Hanlon. *Studies in Travel Writing* 11, blg. 2: 177-188.
- Hosking, Rick. 2007. The Privileges of Mobility: George French Angas' Representations of Indigenous People in Savage Life and Scenes and his Debt to 'Learned Friend' William Cawthorne. *Studies in Travel Writing* 11, blg. 1: 15-35.

- Hout, Syrine. 2002. Critical Encounters: Feminism, Exoticism, and Orientalism in Freya Stark's *The Southern Gates of Arabia*. *Studies in Travel Writing* 6, blg. 1: 54-77.
- Hulme, Peter. 2011. Interview with Richard Fleming. *Studies in Travel Writing* 15, blg. 4: 177-188.
- Isorena, Efren. 2010. Barangay: Bangka at Lipunan. *Malay Journal* 23, blg. 1: 81-98.
